# *MGA IMPLUWENSYA*

Tama. Sa palagay ko kinakailangan nating tumayo habang binabasa natin ang Kanyang Salita. Ganoon din ba ang iniisip n'yo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kaya sige't tumayo na po tayo pansumandali, habang binabasa natin ang Kanyang Salita. Babasa po ako, ngayong gabi, para sa aralin sa Kasulatan na makikita sa Aklat ni Isaias, sa ika-6 na kabanata. Makinig pong maigi.

> *Noong* mga araw *na mamatay ang haring Uzzias ay nakita ko ang Panginoon na nakaupo sa isang luklukan, matayog . . .mataas, at pinuno ang templo ng kaniyang kaluwalhatian.*
>
> *Sa itaas niya ay nangakatayo ang mga serapin: bawa't isa'y may anim na pakpak; na may dalawa na nagsisitakip ng kaniyang mukha, at may dalawa na nagsisitakip ng kaniyang mga paa, at may dalawa na naglilipad sa kaniya.*
>
> *At nagsisigawang* isa't isa, *at nagsasabi, Banal, banal, banal ang* PANGINOONG *Diyos ng mga hukbo: at ang buong lupa ay napuno ng kaniyang kaluwalhatian.*
>
> *At ang mga patibayan ng mga pintuan ay nakilos sa tinig ng sumisigaw, at ang bahay ay napuno ng usok.*
>
> *Nang magkagayo'y sinabi ko, Sa aba ko! sapagka't ako'y napahamak; sapagka't ako'y lalaking may maruming mga labi, at ako'y tumatahan sa gitna ng bayan na may maruming mga labi: sapagka't nakita ng* aking *mga mata ang Hari, ang* PANGINOON *ng mga hukbo.*
>
> *Nang magkagayo'y nilipad ako ng isa sa mga serapin, na may baga sa kaniyang kamay, na kaniyang kinuha ng mga pangipit mula sa dambana:*
>
> *At hinipo niya niyaon ang aking bibig, at nagsabi, Narito, hinipo nito ang iyong mga labi; . . .ang iyong kasamaan ay naalis, at ang iyong kasalanan ay naalis.*
>
> *At narinig ko ang tinig ng Panginoon, na nagsasabi, Sinong susuguin ko, at* sinong *yayaon sa ganang amin? Nang magkagayo'y sinabi ko, Narito ako; suguin mo ako.*

2 Iyuko natin ang ating mga ulo pansumandali.

3 Ama, "sa aba," ang pakiramdam nami'y katulad na katulad sa naramdaman noon ni Isaias, "Sa aba namin! Sapagkat nakita ng aming mga mata ang Hari, ang Panginoon ng Kaluwalhatian." Pinasasalamatan Ka po namin, Panginoon, dahil may proseso ng paglilinis, ngayong gabi, na di lang ang aming mga labi ang mahihipo kundi ang aming mga puso't mga kaluluwa, at lilinisin

kami mula sa lahat ng aming karumihan. Dahil haya't, tunay, kami'y tumatahan sa gitna ng mga tao na may maruruming labi, at kaya ang aming mga labi, ay ganoon din, na di malinis. Dalangin namin na ang dakilang Espiritu Santo ay bababa at hihipuin ang aming mga labi at aming mga puso ng pahid, ng Apoy ng Espiritu Santo mula sa dambana ng Diyos, at lilinisin po kami mula sa lahat ng aming kawalan ng pananampalataya at pagdududa, upang Siya'y pumasok at manahan sa piling namin. Dahil, iniibig namin Siya, at amin Siyang pinapupurihan, at amin Siyang sinasamba. Dalangin po namin, Ama, na sa gabing ito, kung mayroon man sa dako rito na di pa nakatatamo ng naglilinis na hipo na 'yun ng dakilang Espiritu Santo, ang Apoy ng Diyos, ay sa gabi pong ito ang gawa na ito'y maipangyari sa kanila alang-alang sa Kaharian ng Diyos. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Makakaupo na.

4 Ngayon ako'y. . .susubukan kong magpalabas nang maaga. Ayaw ko pong mapalampas n'yo ang Sunday school. Ngayon, di malaking bagay kung ang mapalampas n'yo ay trabaho para sa isang araw, di masyadong malaki ang mapapalampas n'yo; pero napanatili ko po kayo hanggang alas nuwebe y media, o parang ganun, nung isang gabi. Pero huwag kayong magpalampas ng Sunday school, anuman ang gawin n'yo.

Ngayon ang paksa ko sa gabing ito ay: *Mga Impluwensya*.

5 Kung gusto nating basahin ang kuwentong ito, bumuklat lang tayo sa Ikalawang Mga Cronica, sa ika-26 na kabanata, at mababasa n'yo ito roon. Ito pong si Uzzias ay isang kabataang pastol. At siya, sa Ikalawang Mga Cronica 26 ang sabi sa atin doon, siya raw po ay pinahiran upang maging hari sa edad na labing-anim. At ang tatay ni Uzzias, isa pong maka-Diyos na lalaki. At ang kabataang ito ay isang mabuting tao, yamang may mga magulang siya na maka-Diyos, "Ginagawa niya ang tama sa paningin ng Panginoon." Ngayon nalalaman natin na madalas. . .

6 Iniisip ko—iniisip ko sa panahon ngayon, ang pinakamalaki nating problema sa totoo lang, na ang inaakala nga nati'y itong pagka-delingkuwente ng mga kabataan, ay delingkuwenteng mga magulang talaga, delingkuwenteng tahanan. Ang ating—ang ating mga kababayan ay nalihis na nang husto mula sa mga bagay na dapat sana'y doon sila—sila nanatili. Ang iglesya ay naging malahininga o malamig, at ang mga—ang mga bata ay nalantad tuloy sa sanlibutan.

7 Ngayon puspusan ang pagpapalabas ng Hollywood ng mga pelikula at—at mga palabas sa telebisyon, at kung anu-ano pa, na hindi man lang sinasala, ang mga pagmumura nila roon at—at—at ginagamit pa nga ang Pangalan ng Diyos sa walang kabuluhan. At—at nung araw ay mali para sa mga bata sa mga

holiness na kaiglesyahan na manood ng—ng—ng sine o palabas na pelikula, at ngayon si Satanas ay para bang nakakalamang, na dinala niya 'yun sa loob ng bahay, sa anyo ng telebisyon, at tapos wala man lang pangsala, at—at kung anu-ano pa. At 'yun ang paraan ni Satanas kaya unti-unti siyang nakakapasok.

8 Katulad na lang nung mga toboggan na padausdusan nung araw. Marami sa inyo ang di na siguro 'yun naaalala, dahil bata pa kayo noon. Dati 'yun ang libangan para sa mga bata; uupo ka roon sa iyong toboggan at magpaparagos-ragos ka, sa buong paligid. May butas po roon, isang tubo, at maghahamunan ang isa't isa, titingnan kung sino dun ang may lakas ng loob na makalapit nang husto sa butas. At pagkatapos ng ilang saglit, wala kang kamalay-malay, [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri—Pat.] dumausdos ka na pala roon.

9 Ganoon po ang kasalanan. Huwag kayong magpalaro-laro dun. Huwag n'yong subukang tingnan kung gaanong kalapit ang magagawa n'yong paglapit dun. Ang tingnan n'yo ay kung gaanong kalayo ang magagawa n'yong paglayo mula roon. Kita n'yo? Huwag kayong lumagay sa alanganin. Kung lalagay kasi kayo sa alanganin . . . Di ko gustong malagay sa alanganin.

10 May isang matandang lalaking Scot daw, isang beses, ayon sa kuwento-kuwento, na pabagtas daw noon ng isang bundok. At naghihintay raw ang mga karwahe, bawat isang lalaki dun ay gusto siyang isakay para bumagtas. Sabi ng matanda, "Ang gusto ko ay 'yung pinaka magaling na tagapagpatakbo."

11 Sabi nung isa dun sa kanila, "Buweno, kayang-kaya kong magpatakbo ng anim na ulo ng kabayo maski todo ratsada pa 'yan at—at sampung pulgada lang ang agwat ko sa mismong gilid ng bundok na 'yan." Kaso kapag nahulog, kamatayan ang bagsak. Sabi, "Magaling po akong magpatakbo ng mga kabayo, tapos maingat pa, sa palibot n'yan, maski sampung pulgada lang ang agwat ng mga gulong ko, at di ako mahuhulog."

12 Sabi nung isa pa dun, "Kaya kong higitan 'yan. Kaya kong magpatakbo nang anim na pulgada lang, o apat na pulgada lang ang agwat, at di mahuhulog."

Sabi nung matanda, "Ikaw naman, ginoo?"

13 Sabi, "Buweno, wala po akong alam diyan. Di ako ganyan magpatakbo. Dumidistansya ako—dumidistansya ako mula sa bangin."

Sabi nung matanda, "Ikaw ang maghatid sa akin." Ganoon nga. Yun ang napili.

14 Wala po ito sa kung gaano bang kalapit ka makadidikit, at kung gaano ba sa isip mo na kampanteng-kampante ka, ang dapat nga'y lumayo ka mula sa kasalanan sa abot ng makakaya mo na pagdistansya. Talagang dumistansya nang husto palayo sa abot ng makakaya mo. Di 'yung sasabihin, "Buweno, kaya

ko naman *ito*. Di naman ako mapapahamak gawin ko man *ito*." Buweno, kung kuwestiyonable na ang isang bagay sa isip mo, huwag mo na lang itong gawin. Saanman na kuwestiyonable, lumayo kayo mula rito. Pagkatapos, makikita n'yo, mabubuhay na kayo nang ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, kung walang bagay na kuwestiyonable. Kung may bagay na kuwestiyonable, haya't iwanan n'yo ito, huwag na huwag po kayong aaligid sa palibot nito ano't anuman.

15 At iniisip ko po na sa maraming pagkakataon ang mga magulang ang nagpapabaya. Alam ko na minsan may iba pang mga bagay tulad ng—ng eskuwelahan, at mga bagay-bagay. At hayan din na ang Sunday school kasi'y halos kalahating oras lang, o isang oras lang kada Linggo lang ng umaga, at ang mga bata'y nasa sanlibutan sa natitirang mga araw ng sanlinggo, at mas marami ang isinisiksik sa isip nila't higit sa naituturo ng guro. At maraming beses, napakaraming beses po talaga, 'yung guro'y makakatanggap ng lathalang-aralin kada sangkapat ng taon na magtuturo siya dun nang pahapyaw, habang nilalagyan niya ng kolorete ang kanyang mga labi't nag-aayos ng buhok, tapos hahayaan ang mga bata na sagut-sagutan 'yun sa abot ng makakaya nila.

16 At pagkatapos sa tahanan naman ang mga bata'y wala man lang natatanggap na Cristianong pagsasanay maski katiting. Si nanay kasi'y nasa lakwatsa't nakikipaglaro ng baraha, at kahit si tatay ay nasa lakwatsa't nasa palaruan ng bowling, at—at maging si ate ay may lakad kasama ang kung sinu-sino't sakay sa modernong awto. At heto nga kayo, kita n'yo. Ano, saan pa ba tayo—saan pa ba tayo babaling? Kayo'y sadyang, sadya pong ano lamang. . . Kalunus-lunos. At pagkatapos masusumpungan natin ang resulta ng lahat ng ito. Hayan si bunso, paroo't parito sa lansangan, sakay sa kanyang motorsiklo. At, oh, haya't ang ilan sa kanila'y naroo't naglalaro ng golf, at ang iba'y naglalaro naman ng bilyar, at kung anu-ano na puro paglilibang. At ang iglesya'y pinababayaan lang ito.

17 Madalas kasi, haya't may lupon sila dun; kung 'yung pastor ay may matamaan lang na munting sensitibong bagay na—na kontra sa kanila nang kaunti, o may masabi lang tungkol dun, 'yung lupon nga'y isusumbong siya agad, ititimbre ang kanyang pangalan sa punong himpilan at ang pastor ay ititiwalag. Kaya, nakita n'yo, nagiging hanapbuhay na lang, sa halip na maging pinahirang lingkod na mangangaral ng Ebanghelyo. Kita n'yo? Ganoon nga. Ito'y ginawang bagay na lang na sang-ayon sa kagustuhan nila. Naging isang—naging isang hanapbuhay na lang. Titiyakin nila na makakapanatili sila roon, na tatanggap ng disenteng ikabubuhay. Pakinggan n'yo, kapatid, ang Diyos ay mahahabag nawa sa tao na katulad nun na ipinagbibili ang kanyang pagkapanganay para roon. Pakinggan!

18 Ang kailangan natin ay mga kalalakihan na magagawang panghawakan ang Ebanghelyo, na walang takip-takip ang mga kamay, na kung anong denominasyong guwantes ang isusuot. Talagang ipapahayag 'yun sa paraan ng pagkakasulat dito, at—at hahayaan lang na tamaan ng mga tapyas na 'yun ang dapat na tamaan nun. "Kung kasya naman ang sapatos," katulad ng sinasabi-sabi noon ni nanay, "isuot mo na." Sabi, "Huwag mo nang pakinisin pa ang iyong mais." Ngayon, kaya hayan mismo ang mga bagay na dapat nga'y pinakikinggan talaga natin nang diretsahan.

19 Ngayon, ito pong hari, si Uzzias, siya nga'y katangi-tanging kabataan. May ama siya na maka-Diyos. Ang nanay niya ay taga-roon sa Jerusalem, at may maka-Diyos siyang ama na hari bago siya, at 'yung ganoong uri ng katuruan ay pinanuot mismo sa kabataang lalaki na 'yun.

20 Ako po'y di Democrat o Republican man. Sa isa lang po ako boto, at 'yun ay kay Cristo. At Siya ay—Siya ay. . . Ako po ang panalo sa bagay na Iyon.

21 Ngayon, sa palagay ko—sa palagay ko ang pinaka dakilang Presidente, sa kabila n'yan, na nagkaroon tayo, ay si Abraham Lincoln. Hindi dahil sa isa kasi siyang tubong Kentucky, rin, pero dahil sa ang lalaking 'yun ay nagsimula sa wala. At ang lahat na ng mga librong pagmamay-ari ng lalaking 'yun, mula nung siya'y batang paslit pa lang, hanggang sa magka-edad na siya, halos, ay Biblia at—at *Pilgrim's Progress* ni Bunyan. Kita n'yo, hinubog siya nang husto na maging (ano?) maging "tapat na Abe." Siya. . . Ang binabasa mo, ang ginagawa mo, ang naghuhubog sa katauhan mo. Yun—'yun ang magsasabi kung ano ka. At ngayon, kita n'yo, nabasa niya roon "kung gumawa ka ng mali, pagbabayaran mo 'yun; kung gumawa ka ng tama, ikararangal ito ng Diyos," at 'yun ang humubog sa kung ano siya. At ang nanay po niya, isang—isang maka-Diyos na babae, rin. Ang sabi niya, "Kung may karangalan na maibibigay sa kung sinuman, 'yun ay ibibigay sa maka-Diyos na nanay," na nagpalaki sa kanya nang tama. Ngayon pinaging, sa palagay ko, masasabi ko na isa, kung di pinaka dakilang, Presidente na nagkaroon tayo. Nagmula siya sa wala, at ginawa siya ng Diyos na maging Presidente dahil isa siyang tapat na tao't mabuting tao.

22 Ngayon, makikita natin na ang kabataang lalaki na ito ay ganun din. Dahil sa maka-Diyos niyang mga magulang, ginawa niya kung ano ang matuwid. Nung siya'y pinaging hari na, at siya'y labing-anim na taong gulang noon, di niya inintindi ang lahat ng pamumulitika't mga popular na opinyon ng panahon na 'yun, at naglingkod sa Diyos nang may pagpipitagan. Yun ang nagbunsod sa kanya na maging mabuting hari. Ang di pag-intindi sa pamumulitika't modernong opinyon, at sa halip ay paglingkuran ang Diyos nang may pagpipitagan, 'yun nga'y

napaka inam. Ang kaharian niya, pinagpala ng Diyos, na ito nga'y naging dakila't sumusunod sa kadakilaan ng kaharian ni Solomon. At 'yung kaharian ni Solomon ang pinaka dakila na sa lahat ng nagkaroon; pero haya't ang batang hari na ito'y sumusunod sa antas nung kay Solomon, sa kanyang kaharian.

23 Yun nga'y naging—naging malaking ambag doon sa batang propeta na si Isaias, at yamang halos batang paslit pa lang siya nung panahon na 'yun, nagbibinata pa lang. Yamang siya'y ipinanganak na isang propeta, nakita niya ang impluwensya na mayroon ang lalaking ito sa bayan niya; at nakita kung saan nanggagaling ang impluwensya niya, dahil ganoon na lamang ang tiwala niya sa Diyos, nang may matinding pananatili. At mangyari. . .Heto't napansin niya, nakita mismo ni Isaias, na talaga palang pinagpapala ng Diyos ang mga tao na sadyang tapat sa Salita ng Diyos.

24 Ngayon napansin din natin na ang kabataang lalaking ito'y may pagnanais talaga na manatili sa mga alituntunin na mga bagay na sinabi ng Diyos. Tinupad niya ang Kanyang mga utos. Di gumewang si Uzzias sa kanan o kaliwa man. Nanatili siya mismo sa kung ano ang sinabi ng Salita, at kinilala nga siya ng Diyos at pinagpala siya sa lahat ng anuman na kanyang gawin, haya't yumayabong, sumasagana. Grabeng—grabeng ehemplo nga ito para sa kahit sinong kabataan!

25 Iniisip ko kung ang mga tao natin ngayon, ang ating mga kaiglesyahan na nag-aangkin na mga Cristiano raw, haya't kung iiwasan lang nila ang mga bagay-bagay ng sanlibutan at mamumuhay ng ganoong klaseng buhay, 'yun nga'y makaka-impluwensya sa mga mas nakababatang Cristiano na 'yun din mismo ang gawin. Pero, ngayon, mangyaring nagpabaya sila, at nagsisiinom na ng alak at naninigarilyo pa, at kung anu-ano ang pinag gagagawa, at sa kabila nun ay pinanghahawakan pa rin ang taguri nila sa kanilang mga sarili na mga Cristiano raw sila, 'yun nga'y naglalagay ng masamang katitisuran sa daanan ng ibang mga tao, at pinasasalimuot nun ang mga bagay-bagay.

26 Alalahanin n'yo, sinabi ng Biblia, "Kayo ang mga buhay, na nasusulat na mga kasulatan, na binabasa ng lahat ng mga tao." Ngayon, maraming mga tao ang di na nakapagbabasa ng Biblia, pero heto nga na ibinunsod kayo ng Diyos na maging buhay na mga kinatawan. Isa kayong lumalakad na kasulatan, marapat lamang na maging lumalakad na Biblia, na si Cristo ay nariyan mismo sa inyo. Marapat lamang na kayo'y maging lumalakad na Salita ng Diyos. At haya't kung ang pakilala mo sa iyong sarili ay isa kang Cristiano, at di naman pala, 'yang impluwensya mo, 'yang iyong. . . Yang impluwensya mong 'yan, ang magbubunsod sa'yo na managot sa maraming kaluluwa na napalihis mo, palayo kay Cristo, sa Araw ng Paghatol.

27 Sa palagay ko'y marapat lamang sa atin, sa gabing ito, na pagbulayan 'yan, dahil bawat lalaki, babae, kabataang lalaki at kabataang babae, ay may pagkabatid na ika'y paroroon mismo sa Paghatol. Siguro'y magagawa mong takasan *ito*, *iyon*, o kung *ano pa*. Siguro'y magagawa mong lusutan ang buwis, at siguro nga'y matatakasan mo ang Rentas Internas. Siguro magagawa mong gawin ang ganito o ganoong bagay. Siguro'y makakapag maneho ka nang lampas sa itinakdang tulin ng pagpapatakbo at di ka huhulihin ng mga pulis. Pero, isang araw, masusuplong ka ng Paghatol. Tiyak 'yan!

28 "At nalalaman natin na ang tao'y nakatakdang mamatay, at pagkatapos ay Paghatol." Di naman kamatayan talaga ang masaklap na bagay. Yaong Paghatol pagkatapos ng kamatayan, ang masaklap na bagay. At doon, kung anu-ano ang ginawa mo sa buhay, at kung paano mo naimpluwensyahan ang iba, 'yan nga'y pananagutan mo sa Araw na 'yun.

29 "Gaano pa kaya na dapat nating itabi nang walang liwag ang bawat pasan, at ang pagkakasala na pumipigil sa atin, na ating takbuhin nang may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa harap natin, na masdan," hindi ang kredo, ang denominasyon, o ang kung sinong tao man, bagkus, "si Jesus Cristo na Siyang gumawa at sumakdal ng ating Pananampalataya."

30 Ganoon na lamang na dapat nating pagbulayan ang mga bagay na ito, mga kaibigan, nang mayroong pagkasinsero at pagpipitagan, yamang nakikita na natin ang Araw na ito na parating na, at nalalaman na anumang oras ay ang mga pahina ng iyong buhay, aklat, ay maaaring magsara na ngayong gabi, at huli na ang bukas para gawin mo pa ito. Huwag n'yo nang ipabukas ang bagay na magagawa n'yo naman na ngayon, dahil ang bukas, baka ang bukas ay di na dumating pa. Mga lalaki't mga babae, kabataang lalaki't kabataang babae, na nakaupo sa gabing ito, marahil naroon na sa morge bago magliwanag ang umaga. Totoo po 'yan. At pagkatapos sarado na ang aklat mo, at di ka na mabibigyan pa ng isang pagkakataon. Baka ito na ang huling pagkakataon na magkakaroon ka. Isipin n'yo 'yun, nang may kaseryosohan. Sasabihin n'yo, "Buweno, baka di pa naman." Oo't baka hindi pa talaga, pero maaari rin. Kaya po, pagkatandaan, darating mismo ang araw na ang aklat na 'yan ay isasara na, kasama ang bagay na ginagawa mo ngayon.

31 At lalong-lalo na sa inyo na mga nag-aangking Cristiano, haya't ibukod n'yo ang inyong mga sarili palayo sa mga bagay ng sanlibutan. Wala dapat kayong kinalaman sa sanlibutan. Layuan n'yo, dahil may mga taong nakatingin. May nakatingin sa inyo. At di lang sarili mo ang madadala mo roon, kundi pati sila ay madadala mo sa masamang dako na 'yun, at ikaw nga'y mananagot at mananagot talaga dahil sa iyong impluwensya.

32 Haya't ganoon na lamang na nakatingin ang propetang ito sa lalaking 'yun, at nakita na pinagpala ng Diyos ang lalaking 'yun, at kung papaanong naging mabuting impluwensya 'yun! Ganoon na lamang ang pagyabong ng lalaking 'yun, ganoon na lamang ang ginawa sa kanya ng Diyos. Namuhay ang lalaking ito ng—ng isang buhay na katangi-tangi, pinagpala ng Diyos, at di siya gumewang sa kanan o kaliwa man.

33 Ngayon heto na makikita natin ang isang ibang halimbawa naman sa lalaki ring ito, sa lalaki pong ito na si Uzzias, isang dakilang hari na minsang lumakad kasama ang Diyos. Sinabi ng Biblia, "Noong maramdaman ng hari na siya nga'y matatag, pakiramdam niya'y malakas siya, ang puso niya'y nagmataas, sa pagmamalaki."

34 Hayaan n'yo pong huminto muna ako rito para sabihin ko ito, nang may kataimtiman, mga kapatid na lalaki, kapatid na babae. Diyos ang nagbunsod na kayo ang maging tagapakinig ko sa gabing ito. Kinakailangan kong maging lubos na maalab sa sinasabi ko, at kinakailangan n'yo ngang makinig nang may lubos na pagka-alab.

35 Mangyaring hayan mismo ang problema sa maraming mga tao sa panahon ngayon. Iniisip nila. . .Marami sa mga kapatid natin na nagmi-ministeryo, may ilan sa kanila na kapag naka-abot sa puntong 'yun, marahil, at lumalaki mismo ang pagmi-ministeryo, na heto nakakaramdam sila ng kapanatagan. Tayo nga'y nagkaroon ng mga ganito, kaya alam nating totoo talaga ito. Marami pong mga ministro sa bansa ngayon ang unti-unti nang umiinom ng alak. Iniisip ng ilan sa kanila, "Buweno, may munti na akong kaharian na naitayo sa palibot ko. Wala nang rason para ako pa'y. . .Ang mga tao'y mahal na mahal ako, na haya't di na nila papansinin pa kung gawin ko man *ito* o gawin ko man *'yun*. Heto't sasabihin ko nga sa iyo, kapatid, may Isa na Siyang nakakapansin, at 'yun ang Diyos. Walang kahit sino ang panatag sa labas ng Diyos.

36 Minsan napapadpad tayo sa kalagayan na 'yun, na iniisip natin, "Pinagpapala tayo ng Diyos. Binigyan pa nga Niya ako ng Cadillac. Binigyan din Niya ako ng mas mainam na trabaho. Binigyan Niya ako ng *ganito*." Di po senyales 'yan na di mo na mahahadlangan ang Kanyang mga pagpapala sa inyo.

37 Kapag pakiramdam mo'y natataas ka na, at pakiramdam mo, "Buweno, naranasan ko noon na magpatirapa buong gabi at manalangin, naranasan ko nang gawin ang *ganito* at gawin ang *ganoon*, pero hindi ko na ito ginagawa ngayon," haya't nasa delikadong katayuan na kayo n'yan.

38 Yan ang naging problema sa mga kasamahan nating mga Pentecostal. Mangyaring, doon sa pasimula, noong araw, kapag tayo'y nagdaraos ng mumunting mga pagmi-misyon sa kung saang panulukan sa isang dako, haya't ang mga kababaihan ay

di nagsusuot noon ng mga stockings at sila po'y tumutugtog ng tamborin sa dako roon, mananalangin buong gabi, at lahat na; 'yung mga pulis ay ikukulong pa nga kayo, at kaya mananatili kayo sa kulungan, at kung ano pa. Mananalangin kayo. Haya't 'yung mga kaiglesyahan, lahat ng denominasyon, ay magtatawa sa inyo at lilibakin kayo. Pero ngayon na itinaas kayo ng Diyos, na anupa't kayo na ang nagmamay-ari ng pinaka magagandang simbahan sa buong bansa, isa nang malaki't makapangyarihan na denominasyon, pakiramdam n'yo nga'y panatag na kayo sa sarili n'yo. Mag-ingat, kapag kayo'y itinataas na. Mangyaring, kapag ang Diyos ay magpapadala ng isang Bagay, ay di n'yo na Ito matanggap-tanggap, pa, dahil sawa na kayo na masaksihan ang *bagay* na ganito. Pagkatapos nga'y sa paninimula n'yong makaramdam ng kapanatagan, ay 'yan na ang oras na patungo na kayo sa pagkabagsak. Yan po'y para sa mga denominasyon. Yan nga'y para sa mga bansa.

39 Tingnan n'yo po ang bansa natin, dati'y isa sa nangunguna sa moralidad na bansa sa buong mundo. Tingnan n'yo ngayon, ito'y tampulan na ng katatawanan ng buong mundo, ubod ng dumi sa anupamang bagay na nalalaman ko.

40 Noong bumaba ako ng eroplano, at nagpunta sa Roma, at nagtungo roon sa Saint Angelo, para bumisita dun sa lagusang-libingan doon, nahiya ako nang sobra nung makita ko 'yung karatula na nakalagay roon sa—sa lagusang-libingan ng Saint Angelo, sabi ba naman, "Paalala sa lahat ng mga kababaihang taga-Amerika! Maaari lamang na manamit nang maayos kapag papasok sa lagusang-libingan, bilang paggalang sa mga patay." Haya't nagsisitungo kasi roon na naka-shorts lang, at pantalon, sa lugar na katulad ng Roma; at pagkatapos paaalalahanan pa ang mga kababaihang taga-Amerika, "na gumalang sa mga patay; at manamit nang maayos." Aba't, naging nakakasulasok na amoy na sa ilong! At hayan ang lahat ng mga pera natin sa ibayong-dagat, at pinahihiram nating utang, at lahat ng ayuda tulad nun, hinding-hindi ito makabibili ng pagkakaibigan.

41 Ang kailangan natin sa bansang ito, at hinding-hindi natin 'yun makakamit, na anupa't kailangan na kailangan natin ng—ng paglilinis ng sarili nating bakuran; hindi isang pulitikal na paglilinis, kundi isang ipinadala-ng-Espiritu-Santong rebaybal na lilinis sa kanya nang husto mula tuktok hanggang sa daliri sa paa. Yan ang kailangan ng ating mga kaiglesyahan. Yan ang kailangan ng ating mga kababayan. Yan, bilang indibiduwal, ang kailangan natin. Na ang ating impluwensya . . . Kapag tayo nga'y natataas ay haya't sinasabi natin, "Isa akong Pentecostal. Nakakapagsalita ako ng iba't ibang wika. Nakakasigaw ako. Nakakasayaw ako sa Espiritu." Marahil nagagawa mo ang mga bagay na 'yan, pero hayaan n'yong sabihin ko sa inyo ang isang bagay, kapatid, di 'yan kasiguraduhan para sa iyo, ni katiting.

42 Nalaman nga natin na nung si Uzzias ay nagmataas sa puso niya, nalaman natin na hinampas siya ng Diyos. Ano ba 'yung ginawa niya? Iginiit niya nang husto na maipilit na siya'y makahalili sa lugar ng isang ministro. Iniisip niya na dahil siya'y naitaas nga, pinagpala siya ng Diyos, tutal ginawa raw siyang dakilang lalaki, ay magagawa na raw niya ang anuman na gusto niya.

43 Narinig ko nga ang isang kabataang lalaki di pa katagalan, sabi niya, "Alam mo, iniibig ako nang lubos ng Diyos, Kapatid na Branham, hinahayaan Niya akong gawin ang anumang nais ko. Di Niya ako pinakakailamanan."

44 Talamak na ang naririnig ko ngayon tungkol sa ang Diyos ay isa raw mabuting Diyos. Oo't Siya nga. Hindi ko sinasabing mali 'yun. Siya'y mabuting Diyos talaga. Pero Siya'y Diyos din ng galit. Ang Kanyang Kabanalan ay nangangailangan mismo ng pagkamatuwid. Ang kautusan Niya ay nangangailangan ng paghatol. Kung walang paghatol sa kautusan, ang kautusan ay walang kabuluhan. Anong kapakinabangan ang makukuha na sasabihin, "Labag sa kautusan na dumire-diretso kapag pula na ang ilaw rito," na wala naman itong multa? Kita n'yo, di ito maituturing na kautusan. Wala 'yung saysay; wala kasi 'yung multa. Kaya haya't may multa sa paglabag sa mga kautusan ng Diyos; at, ito nga'y, kayo'y kailangang magbayad ng kaukulang piyansa bago kayo mapakawalan.

45 Ngayon marami sa mga tao ngayon ang nagagawa mismo ang nakakalungkot na kamaliang ito na nagawa ng taong 'yun, nung siya'y minsang naitaas, naging bigatin, nagkamal ng lahat ng mga bagay sa sarili niyang kayod, haya't nagpakampante siya, "Ganoon na lamang ang pag-ibig sa akin ng Diyos, na wala na ngang makakaabala sa akin na ano pa ngayon." Nung gawin niya 'yan, mistulang inilagay niya ang kanyang sarili sa siya ring kalagayan noon ni Nabucodonosor noong gawin din niya 'yun minsan, gaya ng nalalaman n'yo na mga nagbabasa ng Biblia. Kaya naman pagkatapos ay nalaman natin na siya'y dinapuan ng ketong dahil ipinilit niya na kunin ang lugar ng isang ministro.

46 Di pa katagalan, nagsalita ako sa isang pang-internasyunal na gawain ng Full Gospel Business Men. Nung panahong 'yun, naroon nga ako sa isang lugar, doon sa Jamaica, nagkakaroon kami dun ng pagtitipon.

47 Ganoon po ang pagkalugod ko sa kanila, dahil iba't ibang mga tao sila roon mula sa lahat ng mga kaiglesyahan. Ako po'y nabibigyan ng pagkakataon na—na makapagsalita. May ilang pagkakataon na 'yung mga kaiglesyahan ay di sila nakikipag tulungan, pero 'yung mga kalalakihan nila sa pagnenegosyo ay nakikipag tulungan, kaya naman kailangan nila—nilang kahit paano'y magpakita ng kaluguran alang-alang sa naturang mga kalalakihan sa pagnenegosyo.

48 Tapos ngayon bumantad sa amin 'yung ganoon, nung ako'y naroon, nagdaraos ako ng pagtitipon. Nung gabing 'yun nung kami'y bumalik na sa Flamingo Motel, sabi ko, "Mistulang ako ang nahihiya para sa inyo mga kapatid." Sabi ko, "Isa 'yung kahihiyan. Wala na kayong ibang sinambit, sa harap ng mga lider sa politika't lahat-lahat, at sa mga negosyanteng taga-roon at taga-rito, kundi 'yang tungkol sa, 'Ako'y may munting negosyo sa dakong ito, at labing-anim ang mga Cadillac ko,' o kung anu-ano pa." Sabi ko, "Yung mga taong naroon, di n'yo dapat ipinaparis ang sarili n'yo sa kanila."

49 Yan ang problema sa iglesya sa panahon ngayon, pilit n'yo ngang ipinaparis ang inyong mga sarili sa Hollywood. Yung bagay na 'yun ay tinatangka n'yong gawing mala-Hollywood. Tandaan n'yo, ang Hollywood ay sumisilaw; ang Ebanghelyo ay nagliliwanag. Hindi puwedeng kayo ang napapadpad sa dako nila roon; kayo dapat ang nakakapag-akay sa kanila sa dako natin dito. Diyan n'yo nga dapat sila dinadala. Dapat n'yong madala sila rito, at hindi 'yung tayo pa ang napapadpad dun. Di dapat tayo pumaparis sa kanila. Di natin 'yan gusto. Sila'y kumikinang at kumukuti-kutitap; pero ang Ebanghelyo nama'y nagliliwanag sa kaamuhan at kababaan ng loob. Yun nga ang pagkakaiba sa pagitan ng liwanag at silaw.

50 Ngayon nung natuklasan namin 'yun, ang sabi ko sa mga kalalakihang 'yun, sabi ko, "Ang problema kasi, kayo na mga negosyante, tinatangka n'yong ipangaral ang Ebanghelyo. Wala kayong karapatan na gawin ito. Kami ngang mga mangangaral ay nagkukumahog na nang husto para lang mabalanse mismo ito. At kaya kayong mga kalalakihan haya't di n'yo dapat ito ginagawa. Pilit kayong lumalagay sa maling lugar. Oo nga't mga negosyante kayo, pero huwag n'yong ipagpilitan na kunin ang lugar ng Ebanghelyo."

51 At sabi ko—sabi ko, "Hayan nga, sa panahon ngayon, heto kayo na binabanggit n'yo pa kung gaanong kayaman kayo. Ang laki ng kaibhan n'yan kumpara dun sa mga pentecostal nung unang panahon! Yung mga pentecostal ng unang panahon ay kanilang iwinaglit ang lahat ng mayroon sila."

52 Tapos may isang kalugud-lugod na mang-aawit dun, isa po siyang kalugud-lugod na munting lalaki. Nalulugod ako sa kanya. Isa siyang mainam na tao, pero ang sabi niya, "Kapatid na Branham, di ko sana gustong pamalian ang sinasabi mo, o magsabi man ako ng laban Dito."

53 Sabi ko, "Tama 'yun. Kung di ito Salita ng Panginoon, may karapatan ka ngang gawin 'yun, kapatid."

Tapos ang sabi niya, "Dun ka sa isang bagay pong 'yun nagkakamali."

54 Sabi ko, "Oh, hindi. Hindi, hindi." Sabi ko, "Ipinagbili ng mga unang pentecostal ang lahat ng mayroon sila, at inilagay 'yun sa mga pagmi-misyon, at—at humayo."

55 At may isang mangangaral dun, ang sabi niya, "Yun 'yung pinaka malaking pagkakamali na nagawa nila noon."

Sabi ko, "Ano? Nakagawa ng pagkakamali ang Espiritu Santo?"

56 Sabi niya, "Di naman ganoon ang ibig kong sabihin; pero 'yun ang pinaka malaking pagkakamali na nagawa nila noon." Sabi, "Haya't nung dumating ang pag-uusig sa iglesya, wala nga silang mauwiang mga tahanan."

57 Sabi ko, "Yun nga ang eksaktong dahilan kung bakit pinahintulutan ng Diyos na maipagbili nila ang kani-kanilang mga tahanan, na sila'y magkalat sa iba't ibang dako, ilaganap ang mensahe sa buong bansa. Wala kasi silang anumang dako na mapupuntahan nila." Alam na alam ng Diyos ang Kanyang ginagawa, hayaan n'yong Siya ang magpatakbo ng Negosyo.

58 Nalaman natin na ang lalaking ito'y kinuha niya 'yung insensaryo, nagsimula siyang—siyang—siyang maghanda ng—ng hain na aalugin, ng—ng—ng insensaryo, magsunog ng insenso. Di naman 'yun ang tungkulin niya. Isa siyang hari, hindi isang saserdote. At dumako sa likuran niya ang saserdote, at sinabi sa kanya, ang sabi, "Di mo dapat ginagawa ito. Levita lang ang dapat na gumawa nito, at di ka naman isang Levita. Isang tao na inilaan sa kabanalan ang dapat na gumawa nito, at hindi ka naman isang tao na inilaan sa kabanalan para sa Panginoon. Isa kang hari. Oo't pinagpapala ka ng Diyos. Mainam 'yan. Pero di ka isang tao na inilaan sa kabanalan para gawin 'yan."

59 Napakaraming beses na nating nakita na ang mga kaloob ay pilit na ginagaya, gayong ang mga tao na ito'y di sila inilaan sa kabanalan para sa tawag na ito. At nakita na natin ang sari-saring ganito. Nakikita natin ito sa panahon ngayon kung paanong ganoon di 'yun noon, makikita natin ang isa na pilit ginagaya ang isang tao na mayroong Espiritu Santo; sisigaw tulad nila, magsasalita ng iba't ibang wika gaya nila, at sa kabila ng lahat ng 'yun ay walang kaalaman tungkol sa Diyos na mas mabuti pa ang isang Hottentot na mas maalam tungkol sa isang mandirigmang Egipcio. Ganoon nga, panggagaya lang, kumikilos na tulad nun, pagkukunwari lamang.

60 Pero hayaan n'yong sabihin ko mismo sa inyo, sa inyo na nakakakita ng ganoon, alalahanin n'yo, kapag may nakikita kayong isang tao na ginagaya-gaya lang ito, may tunay nga na nasa kung saang dako. Kung makakita ako ng isang dolyar na pera, at peke 'yun, tanda lang 'yun na may tunay na dolyar na pinaggayahan lang nun.

61 Pero heto't nasumpungan natin ang lalaking ito, si Uzzias, na pilit kinukuha ang lugar ng isang saserdoteng ito. At nung

sila nga'y tumakbo sa kanya, para sabihan siya, nagalit siya. Siya nga'y bumaling at lantarang sinabi sa kanila, "Gagawin ko ang anumang naisin ko. Sino ba kayo para sabihin kung ano lang ang dapat kong gawin? May gana kayong sabihin sa akin kung ano lang ang puwede kong gawin? Ako ang hari, gagawin ko kung anong gusto ko!" At hinampas siya ng Diyos na siya'y dapuan ng ketong, sa mismong dako na 'yun. At namatay siya, na isang ketongin. Sa galit niya, nung ang galit niya'y nag-alab nang husto, ay doon nga'y dinapuan siya ng ketong.

62 Yun nga'y isang aral para sa batang-batang propeta, tunay nga. Matapos niyang masaksihan ang lalaking 'yun na tumaas ang kanyang posisyon, at natanggap ang kanyang Ph.D., kanya ngang LL.D., at kung anu-ano pa, at pagkatapos ay tinangkang kunin ang lugar na di naman para sa kanya. Yung lalaki nga'y nung ipaalam na ito sa kanya, haya't nanggalaiti siya sa galit dahil dun. Nung may isa roon na naglakas-loob na sabihin sa kanya na GANITO ANG SABI NG PANGINOON, bigo siya na makilala 'yun. At pinadapuan siya ng Diyos ng ketong, na tipo ng kasalanan. Kaya naman, dahil dun, nalaman ni Isaias na patakaran ng Diyos na ang Kanyang tao ay dapat na naroon sa dapat niyang posisyon. Diyos ang gumagawa ng patakaran. Di natin dapat kinukuha ang isang tao at ipagagawa sa kanya ang kung ano.

63 May isa pong nakababatang ginang, dito di pa katagalan, nabanggit niya sa akin noon na siya . . . o siya nga'y may maliit na anak na lalaki na kanya raw . . . Sabi, "Pakiramdam nung bata ay may pagtawag sa kanya." Ang ginang po ay mga nasa tatlumpu't limang taong gulang, sa palagay ko. Sabi niya, "Ang anak kong lalaki, mga nasa labing-apat na taong gulang siya, pakiramdam niya ay mayroong pagtawag sa kanya. Kapatid na Branham, kung ikaw ipadadala mo ba siya sa isang dako at para makakuha siya ng kanyang Ph.D., o kung ano na parang ganoon, ipadadala ang bata sa kung anong kolehiyo? Ano pong maipapayo mo?"

64 Sabi ko, "Ang pinaka mainam na nalalaman ko ay kolehiyo ng luhod-lohiya, ang lumuhod sa kanyang mga tuhod." Sabi ko, "Kung siya'y mahahalubilo sa mga ganoon, at, malalaman mo na lang, pag-aaralin siya unti-unti ng mate- . . . matematika at lahat ng tungkol sa *ganito*, at pati tungkol sa *ganito*, tapos nun lalapatan nila siya ng eksamin sa pag-iisip at IQ, at lahat ng katulad nun. At 'yung lahat ng mga bagay-bagay ukol sa Diyos, na naroon sa katauhan niya, ay aalisin nilang lahat," sabi ko. Di ko po sinisiraan ang mga bagay na ganyan, pero ipinapakita ko lang kung gaano na kalayo ang pagkalihis nila.

65 Masdan n'yo at tingnan kung ano, itong nangyari. Ngayon, itinatakda ng Diyos na ang Kanyang tao ay dapat na lumugar sa kanyang posisyon.

66 Di pa katagalan, may binabasa akong kaunting kuwento na may isa raw—isa raw babae na . . . may—may sakit, may—may—may—may pulmonya, sa St. Louis, Missouri. At grabe, grabe ang kanyang sakit, at sinabihan na nila siya na siya raw ay—ay—ay mamamatay na. At may anak po siya na nasa kolehiyo. Kaya nagtungo para alamin, ang doktor po, kung gaano pang kahaba ang itatagal niya, para mabuhay. At sabi, "Marahil di na siya magtatagal nang isang araw o dalawa, higit pa."

67 Kaya nagpadala sila ng telegrama dun sa kabataang anak na lalaki, na "umuwi na agad," ang nanay niya kasi'y malubha na talaga ang sakit. Kaya nung 'yung kabataang anak na lalaki, ay matanggap na niya ang telegrama, naghanda na siya para makauwi, at nakatanggap siya ng isa na namang telegrama, "Mabuti na ang lagay ng nanay mo, magaling na. Kahit di ka na umuwi."

68 Buweno, makalipas ang isang taon, haya't, ang kabataang lalaki nga'y bumisita sa kanilang bahay para sa taon na 'yun. Nung makarating na siya sa kanilang tahanan, ang sabi niya, "Nanay!" Matapos niyang batiin ang nanay, ang sabi ng anak, "Alam n'yo po, napaisip ako, nung may sakit po kayo, di n'yo na nabanggit sa akin kung anu-ano ang nangyari."

69 Sabi ng nanay, "Oh, anak, may bagay nga ako na sasabihin sa'yo." Sabi niya, "Alam mo ba 'yung munting pagmi-misyon diyan sa pababa ng kalsada rito, diyan sa palusong kung saan 'yung mga tao roon ay panay hiyawan nang hiyawan katulad nun, at sila'y iyakan nang iyakan?"

Sabi, "Opo."

70 Sabi, "Yung pastor nila dun ay naniniwala sa pananalangin para sa mga maysakit." Sabi, "Isa sa mga kababaihan dun ay napadaan dito at sinabi 'yun sa akin." Sabi, "Sinabihan na ako ng doktor na may ilang mga araw na lang ako para mabuhay." At sabi, "Kalaunan nagpapunta sila at may susunduin daw sila, gusto nilang mapapunta sana rito ang pastor para makabisita at manalangin para sa akin, at 'yun ang ginawa nung binibini, tapos sabi ko, 'Buweno, walang problema, papuntahin mo lang siya rito.'" Sabi, "Alam mo, nagpunta nga ang pastor at," sabi, "may binasa siyang Kasulatan dito sa Biblia." At sabi, "Ang pastor nga'y nagpunta rito at pinatungan ako ng kanyang mga kamay, at nanalangin para sa akin. At, alam mo, naglaho ang lagnat, at umigi ang lagay ko." At sabi pa niya, "Oh, purihin ang Diyos!"

Sabi nung anak, "Nanay, nanay, haya't matanda ka na para maloko ka pa sa ganyan."

71 Sabi, "Oh, oh, hindi, hindi, iho," sabi, "haya't aktuwal na nangyari talaga ito." Sabi niya, "Luwalhatiin ang Diyos! Heto sinasabi ko sa iyo," sabi nung nanay.

72 Sabi nung anak, “Ngayon parang nagagaya ka na sa gawi ng mga tao roon.” Sabi, “Huwag mong gawin ’yan, nanay.”

73 Sabi, “Pero,” sabi, “iho, binasa mismo nung pastor ang bagay na ’yun mula dun sa Biblia. Binasa niya ’yun, sa Marcos ika-16 na kabanata, ‘Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga nananampalataya.’ Heto nga ito *Narito*.” Sabi, “Tayo, tayo... Heto nga ito *Narito*,” sabi nung nanay.

74 “Oh, nanay, mga salat sa pag-aaral ang mga tao sa dako roon.” Sabi, “Yung mga tao sa dakong ’yun ay di sila nakapag-aral.” Sabi, “Mga pobre lang sila, mga palaboy sa kalsada, at kung anu-ano pa, at nagsisipuntahan lang dun.” Sabi, “Maski ’yung pastor...” Sabi, “Napag-aralan namin sa kolehiyo, na ’yung Marcos 16, mula dun sa ika-9 na talata, ay di kinasihan.”

Sabi nung nanay, “Luwalhatiin ang Diyos!”

Sabi nung anak, “Nanay, anong nangyayari sa iyo?”

75 Sabi, “Naiisip ko lang, anak, kung ang Diyos ay haya’t may kakayahan na pagalingin ako gamit ang Salita na di kinasihan, gaano pa kaya ang gagawin Niya sa mga bahagi na kinasihan?” Kaya naisip ko na natumbok nun mismo. Di po ba? “Kung ang di kinasihan ay nakapag papagaling mismo, ano pa kaya dun sa kinasihan?” Hayan nga, mga kaibigan. Opo, Ginoo.

76 Ngayon, pilit na kinukuha ang puwesto ng iba. Diyos ang nagtatakda sa Kanyang tao. Diyos ang naglalagay sa Kanyang tao sa tama nitong posisyon. Di niya dapat kunin ang puwesto ng iba. Di n’yo dapat gawin ’yun.

77 Ngayon ang pangitain sa templo. Doon sa templo, nagtungo siya roon nung mabalitaan niya ’yun. Nakita mismo ni Isaias, si Hezekias, kung anong nangyari sa kanya, at hayan nga na ang hari’y namatay at nagkaroon ng—ng...Ang ibig kong sabihin ay Uzzias pala, at siya nga’y—siya nga’y dinala sa kampamento ng mga may ketong, at ’yung anak niyang lalaki ang humalili sa kanyang puwesto para maghari. At mangyaring si Isaias ay para bang sukong-suko na, kaya nagtungo siya roon sa templo isang araw, para mailabas niya kung ano man ’yung bagay na naroon sa kanyang—sa kanyang dibdib.

78 Sa palagay ko isang magandang bagay ’yan na lahat tayo’y dapat nating gawin, ang pumaroon nga sa bahay ng Diyos, na doon ay lumuhod at isuko ang iyong kaluluwa, ilabas kung ano man ang bagay na ’yan sa inyong isipan.

79 Haya’t nagtungo na roon si Isaias at siya’y nagdasal na. Di siya...Marahil bandang hapon ’yun noon, at siya...o maaga-aga, di ko po alam. Haya’t nagtungo siya roon sa dambana at nagsimulang manalangin, at siya’y bumabad sa pananalangin na siya’y talagang naging lubos na maalab. Ngayon ganoon po dapat. Nasaksihan niya kung papaanong ’yung sinusubaybayan niya, rito sa lupa, ay nabigo. Yung hari na ’yun na pinagpala

ng Diyos, itong dakila't, makapangyarihang hari na ito, pinaka makapangyarihan sa buong lupain, at sa kabila nun ay nabigo pa rin. At kaya naman di niya malaman kung ano ang kanyang gagawin, at siya nga'y bumabad sa pananalangin.

80 Pagkatapos, bigla na lang, iniangat niya ang kanyang ulo, at pagkatapos ay nakita niya ang tunay na Hari. Nakita niya ang Diyos na itinaas sa Kaitaasan; ang Kanyang kaluwalhatian ay pinuno mismo ang Kalangitan. Nakita niya, nakita niya dun ang isang bagay na dapat tingalain, isang tunay na ehemplo. Kapag sa tao ka titingin at siya ang gagawin mong ehemplo mo, tiyak na mauuwi ka sa pagkadismaya, dahil ang tao ngang 'yun ay mabibigo. Pero heto nga na sinisikap Niyang sabihin sa propeta, "Huwag kang tumingin sa tao o sa kung anuman ang sabihin ng tao. Ibaling mo ang iyong paningin sa Akin at sa kung ano ang sabihin ko. Dito ka tumingin sa Itaas; hindi sa kung anong panglupang luklukan, kundi sa isang makalangit na Luklukan, na dinadakilang pinakamataas sa Kalangitan," at ang Kanyang kaluwalhatian ay pinuno nang lubos ang mga himpapawid. At tumingala siya. At pagkatapos tumingin siya sa templo, doon sa templo ay nakita niya ang Diyos na itinaas, at napansin niya ang mga Makalangit na Serapin.

81 Ngayon, ang mga Seraping naroon ay di mga Anghel. Sila 'yung tagapagsunog ng hain na nagsusumamo ng daan para sa mga nagkasala. At Sila ang mga tagapagsunog ng hain.

82 Mayroong espesyal na panakip na naroo't sumusuklob sa mga Nilalang na 'yun, at ipinapakita mismo rito na ang Diyos ay lubos ang kabanalan. Ang Diyos ay lubos ang kabanalan. At Sila'y sumisigaw sa tayog na abot ng Kanilang tinig, "Banal, banal, banal, ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Banal, banal, banal," sa harapan mismo ng Presensya ng Diyos.

83 Alalahanin n'yo, yaong mga Serapin at mga Kerubin ang nagbabantay sa Dakong 'yun na Banal. Sila Yaong kumukuha nung hain at ihahandog 'yun. At hayan sila, nakatatagal mismo sa Presensya ng Diyos, sumisigaw, "Banal, banal, banal, ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat."

84 Tingnan po natin ang kanilang itsura pansumandali. Haya't nalaman natin na sila pala'y mga Nilalang na tig-aanim ang pakpak. May dalawang pakpak sila na nakatakip sa ibabaw ng Kanilang mga mukha, dalawang pakpak na nakatakip naman sa Kanilang mga paa, at nakalilipad gamit ang dalawa pang pakpak.

85 Isipin n'yo, dalawang pakpak sa ibabaw ng Kanilang mga mukha, 'yun ang una. Itong una, ano kaya ito? Tuklasin natin kung ano kaya ang ibig sabihin nung dalawang pakpak na nakatakip sa ibabaw ng Kanilang mukha. Kung ganoon na lamang kabanal ang Diyos na kahit 'yung banal na mga Anghel

at mga Kerubin ay kinakailangan nilang magtakip ng Kanilang mukha, para makatayo sa Kanyang Presensya, papaano kaya tayo makatatayo? Kung tatayo na tayo roon, dahil lahat naman tayo ay gagawin natin 'yun, sa Presensya ng Diyos; Siya ang kataas-taasang Tagahatol, at lahat tayo'y tatayo sa Kanyang Presensya. At heto ang banal na mga Anghel na di man lang nakaalam kung ano ang kasalanan; Sila'y nilikha na espesyal na Nilalang, at sa pagtayo roon sa Kanyang Presensya, haya't kinakailangang magtakip ng Kanilang banal na mga mukha, para makatagal doon. Kung ang mga Anghel ay kailangang magtakip ng Kanilang banal na mga mukha, para makatagal doon, ano kayang magagawa natin, para manatiling buhay sa Presensya ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat, kung tayo'y mananatili sa Kanyang Presensya? Haya't may panakip tayo, siyanga, ang Dugo ni Jesus Cristo. Siyanga. Ngayon . . .

86 Yun nga'y pagpipitagan. Ang ibig sabihin mismo nun ay pagpipitagan, sa Presensya ng Diyos.

87 Ngayon sa panahong ito wala nang pagpipitagan. Oh, kung mayroon mang katiting na naroon, talagang napaka kaunti na nito. Ano? Haya't makakakita kayo ng mga tao na ginagawang katatawanan itong tinatawag na Cristianismo. Ano kaya ang mangyayari sa taong ganoon? Yamang nagsusugo ang Diyos sa lupa, at nakikita naman nila ang bagay na ito na kumikilos nang sadyang eksakto sa Salita, at pagkatapos heto ang tao na kung anu-ano ang ipupuna rito, at gagawin itong katatawanan? Alam n'yo ba kung anong sinabi ng Biblia? Sinabi ni Jesus, "Isa itong pamumusong, sa Espiritu Santo, at di na ito kailanman patatawarin pa."

"Oh," sasabihin nila, "Sa diyablo 'yan."

88 Mag-ingat kayo sa sinasabi n'yo, kapatid na lalaki, kapatid na babae. Mag-ingat kayo sa sinasabi n'yo, makasalanan. Wala nang kapatawaran para rito. Sinabi ni Jesus, "Ang magsalita ng isang salita laban Dito, di na ito patatawarin pa sa daigdig na ito o sa daigdig man na parating."

89 Tingnan n'yo 'yung mga bagay na ginawa Niya, tumalos ng pag-iisip, sinasaysay sa kanila ang mga pag-iisip na naroon sa kanilang puso. At sinasabi pa rin nila, "Siya'y Beelzebub," tinatawag ang Espiritu ng Diyos na "isang maruming espiritu, isang diyablo na ginagawa ang gawain ng Diyos."

90 At ang sabi Niya, "Patatawarin Ko kayo," ang kabayaran ay di pa naihahain nung panahon na 'yun, pero, at di pa noon namamatay si Jesus. "Pero," sabi, "kapag dumating na ang Espiritu Santo, ang magsalita ng laban Doon, Ito'y di na kailan man ipatatawad sa inyo." Kapag dumating na ang Espiritu Santo't ginagawa ang siya ring gawa na Kanyang ginagawa noong una, hindi na 'yun ipatatawad pa. Mapaglapastangang

mga tao! Ano pa bang aasahan natin kundi paghatol, dito sa bansang ito na tinanggihan ang Diyos?

91 Dito sa bansang ito, gayong kayraming mga Billy Graham at mga Oral Roberts ang kumakalampag sa buong lapad nitong bansang ito, at nariyan ang iba pang magigiting na mga kawal ng Krus na humahayo sa palibot ng bansang ito, ipinapangaral ang Ebanghelyo, haya't dumadaluhong pa rin kada taon, ang kasalanan ay mas lalong nagiging talamak.

92 Hindi ba't ang—ang dakilang ebanghelista, si Billy Graham, ang sabi niya nung isang araw sa isa sa mga pagtitipon niya, nung dumayo siya sa New York, ang sabi niya naniniwala siya na "Tumaas ng napakaraming porsiyento sa New York, ang kasalanan, mula nung magdaos siya ng rebaybal dun." Sabi nung napadalaw siya rito sa California, Los Angeles, sabi niya, "Sa loob ng sampu o labing-limang taon mula ngayon, bawat isang taga-rito ay mangangailangang magdala ng baril, o ng kung anong bagay na magproprotekta sa kanyang sarili, dahil di kakayanin ng mga tagapagtupad ng batas, haya't talagang dumadaluhong mismo ang kasalanan."

93 Oh, ano 'yun? Ang di paggalang sa Biblia. Tinanggihan nila ang pagkakataon nila. Lumapastangan sila't nagtawa. Ganoon nga mismo.

94 Ngayon dalhin naman natin sa mas malapit sa kinalalagyan natin, tingnan n'yo ang mga kaiglesyahan, kung ano mismo ang kanilang ginawa. Marami ang humahayo sa buong kalaparan ng bansa. . .Pero kapag may nakuha kayong isang lalaki na may sapat na—may sapat na tunay na kapangyarihan ng Diyos sa kanya, na sabihin sa mga tao ang tungkol sa makasalanan nilang mga gawi! Kumuha kayo ng tulad nun na magsasabi sa kanila na kinakailangan nilang maipanganak na muli, di 'yung sige't makipagkamay lang o dumulog lang at magpasya lang. Kinakailangan nilang maipanganak na muli; di 'yung ilalagay lang ang kanilang pangalan sa aklat ng pagdalo, o aanib sa iglesya, o makikipag kamay, o kung anong wisik-wisik, o kung anong bautismo. Bagkus ang maipanganak mismo sa Espiritu ng Diyos, maibukod, na ang Buhay ng Diyos ay nabubuhay sa inyo, inilalahad ang Sarili Nito sa inyo; hindi lang sa araw na ito, bukas, kundi sa bawat natitirang araw mo; na may galak sa kabila ng inyong mga pagsubok at mga kapighatian, na kayo nga'y susulong pa rin, yamang nalalaman na ang daan ay bukas para sa inyo, patungo sa Kaluwalhatian. Yan dapat ang klase ng Ebanghelyo! Kapag nasusumpungan n'yo ang tao na sila'y nakasadlak sa ganoon, ipangaral n'yo Ito; at sa pagbalik n'yo sa kasunod na taon, hayan nga sila na ganun pa rin, ganun pa rin, mas lumala pa nga, at nadagdagan pa't nadagdagan. Kahit ano pang sikap mo na mangaral laban dun, lalo lang lumalala. Ano 'yun? Kawalan ng paggalang.

95 At samantalang siyamnapu't limang porsiyento ng mga tao roon ay dumadalo sa simbahan, inilalagay pa nga ang kanilang pangalan sa aklat ng pagdalo, inaangkin na mga Cristiano raw sila. Hayan nga ang mga tao na inaangkin nilang mga Cristiano raw sila, pero naninigarilyo, at umiinom ng alak, at nagsusugal, at nagsasabi ng mahahalay na biro. Napakaraming diyakono sa lupon, ang may isa, dalawa, tatlo, at apat na mga asawa. Totoo po 'yan. Grabeng kahihiyan! Hayan din ang mga kababaihan na kasali sa mga mang-aawit sa simbahan, na putol ang mga buhok. Sinabi ng Biblia, "Siya'y tao na walang dangal." Heto ri't maglalagay ng kolorete sa kanilang mukha! May isa lang na babae na naglagay ng kolorete sa kanyang mukha, sa Biblia, at 'yun ay si Jezebel. Pinakain siya ng Diyos sa mga aso, kaya heto nga't nakikita n'yo kung ano ang saloobin Niya patungkol dito. At pagkatapos heto kayong sasabihin ito sa kanila; sa kasunod na taon, babalik, lumala pa sila sa kalagayan nila nung una. Mga lapastangan, wala silang galang, walang—walang diwa ng kalinisan ng budhi.

96 Hayaan n'yong sabihin ko ang isang bagay na ito, mga kababaihan, mga kabataang babae, at sa matatanda, na rin; na lumalabas sa lansangan na ganyan ang pananamit, na kung anong kay sisikip na mga damit, at mga shorts. Sasabihin n'yo, "Di ka dapat nagsasalita ng ganyan, Kapatid na Branham." Dapat ko ngang gawin. Tungkulin ko ito. Isa itong—isa itong pulpito.

97 May isang lalaki nga na tumawag sa akin, di pa katagalan, isa sa pinaka kilalang ebanghelistang Pentecostal sa bansang ito. Ang sabi niya, "Hayaan mo lang ang mga tao."

Sabi ko, "Sino ka para sabihin sa akin na hayaan ko lang sila?"

98 Sabi niya, "Iniibig kita." At ang sabi niya, "Ang ministeryo mo ay pananalangin para sa mga maysakit."

Sabi ko, "Ang ministeryo ko'y pangangaral ng Ebanghelyo, kapatid."

99 At sabi niya, "Tingnan mo, Kapatid na Branham," sabi, "hayan nga't, naniniwala ang mga tao na isa ka raw propeta."

Sabi ko, "Hindi ko sinabi na ganoon ako, siyanga ba?"

100 Sabi niya, "Pero naniniwala sila na ganoon ka. Bakit di mo na lang turuan ang mga kababaihan kung paano makatanggap ng Espiritu Santo, at kung paano makatanggap ng mga kaloob at gumawa ng iba, sa halip na bubulyawan mo sila sa tuwina tungkol sa pamamaraan ng kanilang pananamit at kanilang mga gawa? Bakit di mo na lang ituro sa kanila ang ganitong uri ng mga bagay, na mas kapaki-pakinabang pa?"

101 Sabi ko, “Papaano ko sila tuturuan ng algebra kung ’yung ABC pa lang nila’y di nila matutu-tutunan?” Alam n’yo kung ano ang ABC? Always believe Christ. Siyanga.

102 Ngayon, ngayon papaano n’yo ’yun maisasakatuparan, papaano n’yo ’yun maisasakatuparan? Mistula ngang may kabigatang humihila, na kung anong bagay na humahadlang sa kanila na magawa nila ’yun. Ibinubunsod nun na ito’y maging makabagong Sodoma. Yan nga ang oras na kinatatayuan natin, hayan nga ang mga kakila-kilabot na bagay na naglipana sa bansa natin ngayon.

At ang sabi niya, “Buweno, tingnan mo . . . ”

103 Sabi ko, “Hindi, wala akong mga programa para tustusan. Wala akong iglesya na magpapatalsik sa akin palabas. Wala, po.” Tapos sabi ko . . .

Sabi niya, “Pero trabaho na ’yan ng pastor, na gawin niya.”

Sabi ko, “Pero di nila ito ginagawa.”

104 Kaya naman, kinakailangan ng isa, ng isang tinig na dapat sumigaw laban dito, dahil mali ’yun. Siyanga’t mali ’yun. Pagpipitagan, galangin Ito.

105 May isang ginang na nagsabi sa akin minsan, sabi niya, “G. Branham, di na kasi sila gumagawa ng ganitong klaseng mga damit kundi ganito na lang talaga.”

106 Sabi ko, “Pero nagbebenta pa rin naman sila ng mga tela’t panahi, at may mga makinang panahi rin sila.” Ganoon nga.

107 Hayaan n’yong sabihin ko ang isang bagay sa iyo, binibini. Marahil ikaw nga’y ganoon na lang kalinis at kadalisay sa abot ng katayuan mo. Marahil ikaw nga’y karangal-rangal sa iyong asawang lalaki, sa iyong kasintahang lalaki, sa abot ng estado mo. Pero isa sa mga araw na ito, sa Harapan ng Hukuman, mananagot at mananagot ka dahil sa pangangalunya.

“Yun ay kung nagawa ko talaga ’yun?”

108 Nagawa mo talaga! Sinabi ni Jesus, “Sinumang tumingin sa babae, na magnanasa nang masama sa kanya ay nakagawa na ng pangangalunya kasama ang babae sa kanyang puso.” At kapag ang makasalanan na ’yun ay titingin sa inyo nang gaya nun, at ibinubunsod mo sila na magkaroon ng ganoong mga pag-iisip tungkol sa iyo, ang lalaki nga’y mananagot, sa Araw ng Paghatol. At bakit nagawa ’yun ng lalaki? Inilantad mo kasi ang sarili mo sa lalaki, pinagkasya ang sarili sa ganoong klase ng mga damit at mga bagay-bagay gaya nun. Siyanga. Isa ’yung kahihiyan. Mananagot at mananagot ka, binibini.

109 At kayo na mga kalalakihan na sinasabi-sabi n’yong mga Cristiano kayo, na dapat kayo ang namumuno sa tahanan n’yo, at hetong ang asawa n’yo ang pinamumuno n’yo, magsisi kayo o ang buong sambahayan mo ay mapapahamak!

110 Marahil hindi n'yo na ako kaluguran pagkatapos nito, pero akin talagang sasabihin at sasabihin sa inyo ang Katotohanan, para ang aking—aking mga kamay ay walang pananagutan na dugo sa pagparoon ko sa Harapan ng Hukuman. Yan ang bagay na sigurado, kita n'yo. Oo. Makinig kayo, kapatid, laging may tinig na nakalakip kasama ng tanda, alam n'yo 'yan, at mainam na inyong pakinggan Ito; hindi ang tinig ko, kundi Itong sinabi mismo ng Biblia. Siyanga. Oh, alam ko na parang makaluma Ito sa pakinig, pero ito mismo ang sinabi ng Biblia, at 'yan dapat ang maging katayuan natin.

Mangyaring ang mga Anghel ay nagtatakip ng mukha, para makatayo sa Presensya ng Diyos.

111 At, mga kababaihan, hetong sinabi mismo ng Biblia, "Isang bagay na di mapagtunggali, o bagay na mapagtunggali, na ang isang babae ay mananalangin na ang kanyang buhok ay putol." Wala nga siyang karapatan para manalangin, at pagkatapos ipupuwesto n'yo siya sa grupo ng mga mang-aawit at ginagawa n'yo pa nga siyang mangangaral. Siyanga.

112 Alam ko na sumasama ang loob n'yo nang kaunti. Pero, alam n'yo, gaya ng sinasabi sa akin noon ni nanay, tungkol sa pag-inom ng langis na castor, "Kung ang isang bagay ay di nagpapasama ng loob mo, wala 'yung mabuting maidudulot." Kaya ganoon din ito sa Ebanghelyo. Ibubunsod at ibubunsod nito na kayo'y makapagbulay. Ito ang Katotohanan. Lalaki at mga babae, pareho kayo, pare-pareho kayong mananagot, dito sa magkabilang panig man, walang pagkakaiba ang anim na piraso sa isang panig at kalahating dosena sa kabilang panig.

113 Yan mismo ang kalagayan na kinasasadlakan natin, walang pagpipitagan, kahit na ano ang sabihin ng Salita. "Buweno, ayos lang 'yun. Sa palagay ko ayos lang 'yun." Baka-sakali mo lang 'yan na ayos lang 'yun. Sinabi na ng Biblia na mali talaga! At ang ibig sabihin ng *baka-sakali* ay "pag-abante nang walang awtoridad." Wala kang awtoridad galing sa Diyos para gawin ang bagay na 'yun.

114 Itong mga seminaryo't mga paaralan at ganung mga bagay, na nilalampasan lang ang mga bagay na ito'y, isang kahihiyan. Inilalagay lang nito ang isang kabataang lalaki, kabataang mga ministro, sa maling landas, inililihis sila patungo roon sa kung anong gawang-tao na teolohiya sa halip na patungo sa Salita ng Diyos. Di na nakapagtataka kung bakit di nila masampa-sampalatayanan ang tunay na Mensahe, di na nakapagtataka kung bakit di nila matamo ang mga bagay na Ganito sa iglesya, di na nakapagtataka kung bakit nagawa nilang mailagay Siya sa labas sa huling mga araw na ito, haya't walang pagpipitagan sa Kanyang Presensya. Bumaba man ang Kanyang Presensya, gagawin lang nilang katatawanan at sige't ngunguya-nguya pa ng chewing gum, lalakad-lakad at sige sila sa ginagawa nilang

kagaya nun na di ko mawari kung ano, talagang wala man lang pagpipitagan kahit kaunti, sa Presensya Niya. Ngayon, ngayon wala man lang, pagpipitagan, sa Diyos at sa Kanyang mga tao.

115 Bakit, bakit nila ginagawa ito? Ngayon pakinggan n'yong maigi. Bakit nila ginagawa ito? Hindi nila napagkikilala ang Kanyang Presensya. Di nila iniisip na Diyos 'yun.

116 Maiisip n'yo ba na magagawa nung babaing 'yun. . . o nung sundalo na hampasin Siya sa mukha, at maglagay ng basahan sa Kanyang mukha at saktan Siya sa ulo, at magsabi, "Ngayon kung isa Kang propeta, sabihin Mo sa amin kung sino mismo ang nanakit sa Iyo"? Kung napagkikilala ng lalaking 'yun na Diyos 'yun na kanyang sinasaktan, sa palagay n'yo ba gagawin niya 'yun? Sa palagay n'yo ba magagawa ng lasing na sundalo na 'yun na haltakin ang balbas sa Kanyang mukha, at dudura pa sa Kanyang mukha, nang may pag-aalimura't pagdura sa mukha, kung napagkikilala niya na 'yun mismo ang Anak ng Diyos? Haya't wala nga siyang kamalay-malay dun.

117 At sa panahon ngayon, ang bagay na binabansagan nilang grupo ng kapanatikuhan, wala nga silang kamalay-malay na 'yun pala ang Espiritu Santo na kumikilos sa mga tao na 'yun. At napapalampas ang mismong bagay; na walang kamalay-malay dun, hindi namamalayan ang Kanyang Presensya. Alam n'yo, kagaya nga ng sinasabi ng lumang kasabihan. . . Hayan nga sila na nagsasabi, "Nagpunta ako sa pagtitipon at nagtawa ako, nagpunta sa pagtitipon at humanap lang ng maipupula." Ang sabi nga ng kasabihan na lalakad ang mga mangmang na may panyapak na pinakuan sa mga dako na pinangingilagan ng mga Anghel na daanan. Ni walang kamalay-malay tungkol sa Diyos, 'yan ang dahilan.

118 Bakit di kayo kumilos gaya ni David. Sinabi ni David, "Sa tuwina ay inilalagay ko Siya sa harapan ko." Yan ang dahilan kung bakit nasabi niya, "Hindi ako maliliglig," dahil ang Diyos ay laging nasa unahan niya. Siyanga, po.

119 Ngayon, 'yung pangalawa, tumatakip sa kanilang mga paa. Itong, "Pagtakip sa kanilang mga paa," ano pong ibig sabihin nito? Pagpapakumbaba. Yung pagtakip ng kanilang mukha ang ibig sabihin nun ay pagpipitagan sa Presensya ng Diyos. Ang pagtatakip naman ng kanilang mga paa'y pagpapakumbaba sa Kanyang Presensya.

120 Kagaya ni Moises noon sa Kanyang Presensya, hinubad ang kanyang mga panyapak, nag-alis ng panyapak.

121 Si Pablo nung masumpungan niya si Jesus, ang Haliging Apoy, siya nga'y sumubasob sa lupa, sa dako ng kanyang mga paa. Yung dako kung saan naroon dapat ang kanyang mga paa, haya't naroon ang kanyang mukha, sa pagpapakababa.

122 Si Juan Bautista, ang dakilang propetang 'yun, pinaka unang propeta sa lupain matapos ang apatnaraang taon, pero ang sabi

niya, “Di ako karapat-dapat na humipo sa Kanyang mga paa, na alisin ang sintas ng Kanyang panyapak.”

123 Nakita n’yo, ’yung naroon sa kanyang mga paa, nakatakip, ang ibig sabihin nun ay pagpapakababa. Masdan n’yo ngayon ang lingkod na ito na nasa harapan ng Diyos: ang mukha Niya ay natatakpan sa pagpipitagan, ang Kanyang mga paa nama’y natatakpan sa pagpapakababa, siyanga, at haya’t may buong kamalayan . . . May buong kamalayan sa inyong kababaan.

124 Lahat tayo’y mistulang naghahangad na maging kung sino na bigatin. “Ako si Doktor *Ganito-at-ganoon*, ang dakilang si *Ganito-at-ganoon* ng Ganito-at-ganoon.” Walang-wala kayo. Siyanga. Haya’t . . . Walang-wala talaga. Kung gusto n’yong malaman kung gaano kayong kabigatin, isawsaw n’yo nga ang inyong daliri sa lalagyan na may tubig at alisin n’yo ang daliri n’yo, at sige’t hanapin n’yo ’yung butas doon. Kita n’yo? Wala nga kayong makikita. At ganun tayo. May kakayahang gumawa ang Diyos kahit wala tayo, pero wala tayong magagawa kung wala Siya. Sino ka ba? Kita n’yo?

125 Dapat batid mo kung gaano ka kaliit. Ang daan tungo sa itaas ay pababa. “Sinuman na ibinababa ang kanyang sarili’y itataas; sinuman na itinataas ang kanyang sarili’y ibababa.”

126 Di pa katagalan naimbitahan ako minsan sa Chicago, ng isang grupo ng mga banal, para makapangusap. May isa pong kilalang Pentecostal na ministro roon na siguro’y may apat na digri sa kolehiyo, at kung ano pa, at naaasiwa siya sa munti kong bagitong paraan ng pagsasalita sa dakong ’yun sa harap ng kapita-pitagang konseho na idinadaos nila roon, tapos may isa siyang tao dun na nanggaling sa isang kilalang eskuwelahan ng Biblia sa dakong ’yun, na umakyat dun, isa pong bigating eskuwelahan ng Biblia sa Chicago, para magtalumpati. Haya’t paunang sinabi na nung ministro kung anong gagawin niya, “Aakyat dun at mamaliitin ang mga taong naroon, tungkol sa lahat ng mga bagay na maisip niya, tungkol sa kung papaanong mali ang mga taong ’yun sa paniniwala na mayroong Espiritu Santo’t lahat ng mga bagay na tulad nun,” sa harap ng mga Pentecostal. Mangyaring umakyat na siya na nakaliyad ang dibdib, at—at ang kulyar ay nakatupi pa nang paganoon, lapat na lapat sa tuxedo na kanyang suot-suot, inilapag ang lahat ng kanyang mga tala sa ibabaw ng entablado. Ganoon na lamang siyang kadalubhasa sa pagtugaygay ng mga bagay-bagay na aakalain mo na ’yung mismong pagpapaliwanag niya sa Biblia, ay haya’t walang nalalaman ang Diyos tungkol Dito.

127 At nalaman n’yo na lang, inyong . . . Nakita niya na parang di nabibilib ang mga tao. Patuloy man siya sa pagtugaygay ng mga bagay at ibang bagay, at nakaupo lang nang tahimik ang mga tao’t nagtitinginan sa isa’t isa. Di nga nun napabilib ang ganoong uri ng mga tao, na mga Pentecostal. Kaya matapos

ang ilang saglit haya't nakita niya na nabigo siya, at ikinilik niya ang kanyang mga gamit sa ilalim ng bisig niya, lumakad na pababa ng entablado, na ang ulo'y nakatungo, nakalaylay. May matandang banal dun na nakaupo malapit sa dingding, ang sabi, "Kung siya'y umakyat sana roon sa paraan kung paano siya bumaba roon, o di sana'y bumaba siya sa paraan ng pag-akyat niya kanina." At ganoon din ito sa bagay na ito, siyanga.

128 Magpakababa kayo, siyasatin n'yo kung gaanong kababa kayo; hindi 'yung magaalam-alaman kayo, haya't wala kayong nalalaman. Ibunsod n'yo ang inyong sarili na magpakababa sa harap ng Diyos.

Ngayon nakita natin, 'yung pangatlo, Siya'y nakakalipad gamit ang dalawa pang pakpak.

129 Ngayon masdan, 'yung una, Siya, sa Presensya ng Diyos, Siya'y mapagpitagan, yamang ang mukha Niya'y natatakpan. Yung pangalawa, Siya'y mababa sa harap ng Diyos, yamang ang mga paa Niya'y natatakpan. At ang kasunod itong dalawa Niyang pakpak, na Siya'y nakalilipad, ibinubunsod Siya na makakilos. Oh, ang ganda!

130 Ano 'yung ginagawa roon ng Diyos? Ipinapakita Niya riyan sa propeta kung papaano ang katayuan ng inihahanda Niyang lingkod. Ipinapakita ng Diyos, "Heto ang Aking mga lingkod. Sila'y sa Akin. Tingnan mo kung papaano sila inihanda; may pagpipitagan, may kababaan, at ibinubunsod na kumilos." Sa ganitong paraan nga dapat ang mga lingkod ng Diyos. Oh, ang ganda!

131 Ganyan dapat tayo: may pagpipitagan sa Salita ng Diyos, mapagpakumbaba, at kumikilos para sa Diyos.

132 Tingnan n'yo 'yung babae nung siya'y tawagin para siya'y kumilos, humayo, na sinasabi niya, "Halikayo, tingnan n'yo ang isang Lalaki Na nagsaysay sa akin ng mga bagay na akin noong nagawa."

133 Yung tanda Niya ang nakapaghikayat sa kanya, na Siya na pala yaong Mesiyas. Ang sabi nung babae, "Ginoo, nalalaman namin, na kapag dumating ang Mesiyas . . . Ngayon, marahil isa Kang propeta. Nalalaman namin, na sa pagdating ng Mesiyas, Kanyang sasaysayin ang mga bagay na ito sa amin."

134 Kita n'yo, ang hinihintay na sagot nung babae na sasabihin Niya'y, "Buweno, malapit na talaga ang pagdating ng Mesiyas; Ako'y tagapanguna lamang sa Kanya." Pero ang sabi Niya, "Ako nga Siya."

135 Yun nga'y nagbunsod sa babae na kumilos sa mismong sandali na 'yun. Nabunsod siya sa pagkilos. Hinding-hindi n'yo nga mapipigilan ang babae. Katulad 'yun ng isang bahay na nag-aapoy, gaya ng nabanggit ko na nung isang gabi, sa pag-ihip ng maalinsangang hangin. Di n'yo nga siya mapipigilan.

Doon mismo sa bayan ay kumaripas siya, “Halikayo, tingnan n’yo ang isang Lalaki Na nagsaysay sa akin ng mga bagay na aking nagawa noon. Hindi ba’t ito na ang Mesiyas?” Kita n’yo? Siya’y ibinunsod na kumilos.

Ano ’yung mga ginawa nung babae? Siya’y pumaroon, ang una’y, nagpakababa siya.

“Dalhan mo Ako ng maiinom.”

136 Sabi, “Haya’t, ang mga magulang namin ay uminom mula sa balon na ito,” at kung ano pa. At—at ’yung babae . . .

137 Sabi Niya, “Buweno, bibigyan Kita ng Tubig na maiinom; na di mo na kailangang pumunta rito.”

Yung babae, “Ginoo, Ginoo, bigyan Mo ako ng Tubig na ’yan.”

138 Kita n’yo, siya nga’y nagpakababa roon. At nung maibaba niya ang kanyang sarili, pagkatapos nga’y nagpakita si Jesus sa kanya ng tanda ng pagka-Mesiyas, at ’yun ang nagbunsod sa kanya na kumilos. Haya’t handang-handa na siyang humayo roon, handang-handa na siyang ipagsabi ’yun sa lahat ng sino man na makasalubong niya. Kita n’yo?

139 Kung tutuusin, sa mga tradisyon ng mga bansa sa Silangan, ’yung mga kalalakihan ay di sila nakikinig sa ganong klase ng babae. Yung babaing tulad nun ay walang boses sa gitna ng mga tao. Tunay na wala nga. Di siya makapag papahayag. Pero sige’t makakaya n’yo ba siyang pigilan? Siya’y nasa pagkilos. Kinakailangan niyang maisaysay ’yun sa kung sinuman doon, “Halikayo rito at kayo mismo ang sumaksi. Sinaysay sa akin ng Lalaking ito ang bagay na nagawa ko noon. Hindi ba’t ’yan ang hinahanap natin? Hindi ba’t ’yan ang sinasabi ng Kasulatan, na ang Mesiyas, sa Kanyang pagparito, gagawin Niya ito?” Siya nga’y naibunsod sa pagkilos dahil siya’y nagpakababa, at ang Diyos ay sumakanya.

140 Si Pedro, nung magtiwala siya sa Kanyang Salita. Haya’t siya’y nangisda buong gabi, dahil isa siyang mangingisda na pumalaot doon, at umahon na siya, bigong-bigo ang kalooban, wala kasing isda. Kahit sino namang mangingisda ay alam ang pakiramdam, kapag walang mahuling isda. Pagkatapos, unang-una, hinugasan na niya ang kanyang mga lambat, inilatag dun sa may pampang, at pinatutuyo ang mga ’yun.

141 At pumaroon si Jesus at humiling na kung maaari sanang mahiram ang kanyang bangka. Nangaral Siya. Pagkatapos ang sabi Niya, “Simon, magpunta ka roon sa laot at ibaba mo ang lambat para sa malaking huli. Bumalik ka sa dako kung saan ka nangisda, buong gabi. Bumalik ka sa dako kung saan ka nagpagal nang husto, nang ilang oras, at ibaba mo ang lambat para sa isang napaka laking huli ng isda, isang malaking huli.”

142 Ngayon tingnan n'yo. Sabi niya, "Panginoon, buong gabi kaming nagpagal at wala kaming nahuli. Pero sa Iyong Salita, Panginoon, ibababa ko po ang lambat. Sa Iyong Salita!" Yun nga, panghawakan n'yo ang Diyos sa Kanyang Salita. At nung maibaba na niya ang lambat, nakahuli siya ng napaka raming huli ng mga isda na anupa't ang lambat ay nagkapunit-punit na mismo.

143 Yun nga'y ibinunsod siya na kumilos. Siyanga, po. Ang impluwensyang 'yun ni Jesus ang nagbunsod mismo sa kanya na kumilos, at haya't ibinaba niya ang lambat. At sabi ni Jesus, "Huwag kang matakot, mula ngayon ay manglalambat ka na ng mga tao."

144 Yung lalaking bulag, nung mapagaling siya, nakaupo noon sa may pintuang-bayan at. . .o nakaupo sa lansangan. At sabi nung mga Fariseo, "Sinuman na magsaysay tungkol sa Kanya, o kahit may kaunting kaugnayan lang kay Jesus, sinumang 'yan ay patatalsikin mula sa templo."

145 Sila, dumating sila, 'yung tatay at nanay ay tinanong. Sabi nila, "Nasa tamang gulang na siya; siya na ang tanungin n'yo."

Sabi nung lalaki, "Ang Lalaki, na nagngangalang Jesus, ang nagpagaling sa akin."

146 Sabi, "Pero ang Lalaking ito ay isang makasalanan. Hindi Siya kabilang sa ating mga grupo. Ni hindi nga namin mawari kung saang dako ba Siya nanggaling. Sa Diyos ka magbigay ng papuri!"

147 Sabi nung lalaki, "Ngayon, kung Siya ba'y makasalanan o hindi, di ko alam 'yan." Sabi niya, "Pero heto ang isang bagay na alam ko; dati akong bulag, pero ngayon ay nakakakita na." Tapos sabi pa, "Ang bagay na kakatwa lang, sa akin, ay hindi ba't kayo ang mga espirituwal na mga tagapamuno sa panahon na ito, at heto ang Lalaking ito na iminulat ang mga mata ko, at sa kabila n'yan ay di n'yo alam kung saan Siya nanggaling." Ano 'yung nangyari dun sa lalaki? Ibinunsod siya sa pagkilos. Ganoon nga. Ibinunsod siya Nito para kumilos, dahil kanyang ipinagsabi ang Kanyang karangalan sa buong bansa.

148 Yung mga tao, nung Araw na 'yun ng Pentecostes, noong sabihin sa kanila ni Jesus na maghintay sa dakong 'yun, at sila nga'y ibubunsod na. . .Haya't bumaba, at nung bumaba na ang Espiritu Santo sa kanila nung Araw na 'yun ng Pentecostes, nung maimpluwensiyahan sila ng Salita ng Diyos na nahayag. Ngayon alalahanin n'yo, sinabi ni Jesus, "Magsipanatili kayo sa Jerusalem hanggang sa masangkapan kayo ng Kapangyarihan na nagbubuhat sa Itaas." Sila'y naghintay, hindi walong araw, hindi siyam na araw; naghintay nga sila ng sampung araw, hanggang sa ang pangako ay maihayag. At ang Espiritu Santo ay bumaba noon at ipinagbaha-bahagi Nito ang Sarili, at may mga dila ng Apoy na pumaibabaw sa bawat isa sa kanila roon.

149 At habang nasa impluwensya sila ng Espiritu Santo, sila nga'y gumayak para kumilos, pasuray-suray ang paglalakad na parang lasing, humihiyaw, nagsasalita sa iba't ibang wika, dun nga sa lansangan ay pumaroon sila.

Sabi nung mga tao roon, "Ang mga taong ito ay lasing sa bagong alak."

150 Siya, si Pedro, tumindig siya, at ang sabi niya, "Ito Yaong sinalita noon ng propeta, Joel, 'At mangyayari sa huling mga araw.'" Ano mismo ang ibinunsod nun? Ibinunsod nun na siya'y kumilos.

151 Ibubunsod at ibubunsod ka Nito na kumilos, kung di mo pa Ito nakakamit, ibubunsod ka Nito na kumilos kapag nakita mo na ang Salita ng Diyos ay nagkakaroon na ng katuparan. Itong mga bagay na nasaksihan na natin sa huling mga araw na ito, marapat lamang na ibunsod tayo nito na kumilos. Ibubunsod nga nun, kung magagawa lamang natin ito nang mapitagan at nang may pagpapakumbaba. Yung Haliging Apoy sa harapan noon ni Pablo, ibinunsod siya nun para kumilos. At sa panahon ngayon kapag nakikita natin ang siya ring Haliging Apoy na 'yun, sa pamamagitan ng siyensiya, sa pamamagitan ng mga resulta Nito, sa pamamagitan ng ipinangako Nito, ibinubunsod na ang Salita para sa huling mga araw na ito'y maipangyari nang saktong-sakto, 'yun nga ang magbubunsod sa atin na kumilos. Na, anupa't ang tanda ay ibinigay na, "Kung papaano noon sa mga araw ng Sodoma, bago tupukin ang Sodoma, ay gayundin sa pagparito ng Anak ng tao; Siya'y ihahayag muli, na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Marapat lamang na ibunsod Nito ang bawat bahagi ng Katawan ni Cristo na sila'y kumilos, na paglakip-lakipin ang lahat sa abot ng makakaya n'yo, dahil ito na ang huling oras, ito na ang huling pagtawag, ang huling pagtawag. Salita sa salita, Ito'y natutupad. Tunay na ibubunsod Nito tayo sa pagkilos.

152 Tayo, katulad nung propeta, nakita natin ang kinalabasan ng mga mapagmataas-sa-sarili na mga denominasyon na kanila ngang nawawaglit ang kanilang lugar kay Cristo, nawaglit ang pagkakahawak nila sa Kanyang Salita, dahil sa pagtanggap sa mga kredo. At nakita nga natin kung anong nangyari sa kanila nung gawin nila 'yan, namatay sila sa espirituwal. Nakita natin kung anong nangyari sa mga Lutheran nung tanggihan nila ang tawag ni Wesley. Nakita natin ang nangyari sa mga Methodist nung tanggihan nila ang tawag ng Pentecostal. Haya't ano na sa mga Pentecostal ngayon? Kita n'yo?

153 Nakita natin 'yung lalaki na mapagmataas-sa-sarili, tulad ni Uzzias, na may pagtatangkang kunin ang puwesto ng isang pinahirang tungkulin. Ang tungkulin ng isang tao sa iglesya ay pinahiran, di itinatalaga ng kung sino. Pinahiran. Ang iglesya, ang. . .ang pastor, ang ebanghelista, ang propeta, ang apostol,

kinakailangan na pinahirang tungkulin ng Diyos, na hindi tao lang ang nagtalaga. Nagawang italaga ng tao ang tungkulin na ’yan minsan, sila pa nga’y nagpalabunutan; haya’t ang abang si Matias ay wala namang nagawa, dahil ang pinili ng Diyos ay si Pablo at siya’y nakagawa ng espesyal na bagay dahil siya’y pinahiran. At nakikita natin ang mga opisyales na parang ipinoproklama pa nila, “Heto si santo obispo *ganito-at-ganoon*, *heto* ang itinalagang si *ganito-at-ganoon* ng, *heto* rin si *ganito-at-ganoon* na itinalaga,” walang kinahihinatnan. Pero kapag ang Diyos nga mismo ang paroroon at mamamahala, haya’t makikita natin ang pahid ng Espiritu Santo na pinagtitibay ang Salita ng Diyos.

154 Ngayon, ang mga epekto ng pangitain sa propeta, ano ang ibinunsod nun sa lalaking ito na ipinanganak na isang propeta? Tandaan n’yo, isinulat niya ang buong Biblia. May animnapu’t anim na Aklat sa Isaias, at animnapu’t anim na Aklat sa Biblia. Yung simula pa nga’y, parang sa Genesis; dun sa kalagitnaan ng Aklat ay nalantad dun ang Bagong Tipan, si Juan Bautista; at nagtapos dun sa Milenyum. Dakilang propeta, isa sa pinaka dakilang propeta na nagkaroon tayo, itong si Isaias, at siya’y ipinanganak mismo para maging propeta.

155 Pero nung tumayo siya sa Presensya ng Diyos, ano mismong ibinunsod nun na gawin ng propeta? Nagsalita ang propeta, “Sa aba ko, sapagkat ako’y lalaking may maruming labi.” Ang pumaroon sa Presensya ng Diyos, at ang makita ang tunay na pinahirang sisidlan ng Diyos, ibinunsod nun na ang propeta’y magpahayag nang tapatan na siya’y makasalanan. Yun talaga ang ibubunsod Nito sa atin, ibubunsod Nito, ng pinahirang Presensya ng Diyos. Nung makita ng propeta ang Isa na ’yun na sumigaw, at ang mga palayok ay umaalog, at ang mga Anghel ay paroo’t parito, na pinatutunayang naparoon Sila sa harapan mismo ng Diyos, at Sila’y mga lingkod ng Diyos, pinahiran, at Sila nga’y sumigaw; haya’t siya’y makasalanan talaga.

156 Ano mismo ang nangyari nung sandaling ’yun na handa na siya? Ngayon makinig po, magtatapos na. Handa na niyang ipahayag nang may katapatan na siya’y makasalanan, “Sa aba ko, sapagkat ako’y lalaking may maruming labi, at tumatahan ako sa kalagitnaan ng mga tao na marurumi ang labi. Sa aba ko!” Pagkatapos kinuha nung Anghel ang pangipit at kumuha ng baga mula dun sa dambana, binitbit ’yun sa Kanyang mga kamay, at pumaroon at nilinis ang propeta sa pamamagitan nun. Haya’t dumating ang paglilinis, pagkatapos ng kanyang pagtatapat.

157 Ngayon kung ang isang propeta, na tinawag, pinagtibay na maging isang propeta ng Diyos, doon sa Presensya ng Diyos, na nakikita niya ang kanyang kaliitan, naghanda na ipagtapat na siya’y isang makasalanan, ano kayang nararapat n’yo at ako na gawin? Pero alam n’yo ba ang ginagawa natin? Ipinapaling

natin palayo ang ating ulo, at lalakad palayo't magtatawa. Yan ang kinatatayuan natin, hanggang sa dumating ang paglilinis. Tingnan n'yo, si Isaias . . .

158 Gusto ko pong pansinin n'yo ang isang bagay pa rito. Ang Diyos ay di gumamit ng mga aklat at teolohiya, mga terminong teolohiya, para linisin ang Kanyang lingkod. Apoy ang ginamit Niya. Di Siya gumamit ng mga kredo para linisin ang Kanyang lingkod. Kumuha Siya ng Apoy mula sa dambana. At kung ang Diyos ay maglilinis sa tao sa panahon ngayon, marapat lamang na sa pamamagitan 'yun ng Apoy ng Espiritu Santo na siyang maglilinis sa tao; hindi sa pagbabasa ng aklat at gagawin 'yung *ganito*, o kung anong libro ni *ganito-at-ganoon*.

159 May isa pong kilalang ministro rito sa California ang sabi, nung isang araw, haya't pinarangalan siya ng "aklat ng taon." Iba ang pananaw ko sa kanya. Ang aklat ng taon ay wala nang iba't ang Biblia, noon pa man. Ang Aklat ng taon ay ito ngang Aklat ng Diyos, sa lahat ng pagkakataon.

160 At ang Diyos ay gumamit ng Apoy para linisin ang lingkod Niya. Tapos ang sumunod na roon, matapos na siya'y magtapat nang may kababaang-loob na siya'y mali, ay haya't dumating ang paglilinis; at pagkatapos ng paglilinis, dumating ang pag-aatas. Kita n'yo, 'yan mismo ang problema, may ilan sa atin na ang inuuna natin ay 'yung pag-aatas bago tayo malinis. Kita n'yo? Sinasabi natin, "Buweno, ang susundin ko'y *ito*." Ang kailangan nating sundin ay ang Diyos. Yung mga Anghel na 'yun doon ay isang bagay lang ang ginagawa, ang mamuhay sa Presensya ng Diyos; na mapagpakumbaba, mapitagan, at sadya ngang kumikilos sa harapan ng Diyos. Pagkatapos ay 'yun pa lang ang kasunod, ang pag-aatas; matapos ang pagtatapat at paglilinis, ay dun pa lang sumigaw ang nilinis nang si Isaias ng, "Narito ako; isugo Mo ako."

161 Oh, kapatid na lalaki, kapatid na babae, kung may narapat lang na panahon na ang mga Isaias ay dapat nang pumaroon sa bahay ng Diyos para sa paglilinis! Kung may narapat lang na panahon na ang isang kaanib sa iglesya ay dapat nang lumapit nang totoo at magtapat ng kanyang pagkakasala! Kung may narapat lang na panahon para sa isang tumalikod!

162 Pagkaisipin n'yo lang, nung gabing 'yun nung matupok ang Sodoma, naisip n'yo ba kung gaanong karaming tao kaya ang lumakad palayo sa mensahe ng mga Anghel na 'yun? Naisip n'yo ba kung gaanong karaming tao ang kulang sa malasakit na mapakinggan sana ang Kanilang tinig? At sila-sila nga mismo'y napahamak nung siya ring gabing 'yun, at nawaglit na mismo, na ang natitira na lang para sa kanila'y parusa sa impyerno.

163 "Kung paano sa mga araw ni Noe." Gaanong karaming tao kaya ang nagtawa sa kanya at nilibak-libak lang siya, at sila'y nagsipuntahan lang dun para makibalita sa sinasabi-sabi niya,

sasabihin, “Pupunta tayo dun at makibalita tayo sa matandang baliw na lalaking ’yun na sige sa isinisigaw niya, para matawa tayo uli.” Tatayo, lalakad palayo, ni di iniintindi ang kanyang ipinapangaral. Lahat na ng mga bagay na tulad nun; at kaya’t napahamak sila sa mga kahatulan na ipinangaral niya.

164 Si Amos, ang munting mangangaral na ’yun, alam . . . di nila alam kung saan siya nagmula, isang propeta, pinahiran, bigla na lang sumulpot dun at tumunghay sa Samaria nung panahon na ’yun. Yung kalbo niyang ulo’y kumikinang, ’yung matanda’t ubanin na niyang balbas, nung umahon siya roon sa pagbagtas ng burol. Tumunghay siya, ’yung banal niyang mga mata’y lumiit sa pagtanaw niya sa siyudad na ’yun, di nga katulad ng mga turista na bumibisita dun mula sa iba’t ibang panig ng mundo. Dahil, ’yung mga saserdote sa dako roon, at lahat sila, ay nagkasala, at sinasabi-sabi ng mga huwad na propeta na ayos lang daw ’yung ganoon. Lumakad siya sa dakong ’yun ng walang tumataguyod sa kanyang rebaybal. Lumakad siya roon na walang kahit na ano, at sumigaw nang napaka lakas. At sabi niya, “Ang siyang Diyos, na sinasabi n’yong pinaglilingkuran n’yo, ang wawasak sa inyo.”

165 At sinasabi ko GANITO ANG SABI NG PANGINOON: ang Diyos, na sinasabi ng Amerika na pinaglilingkuran niya raw, ang wawasak sa kanya. Tanggapin n’yo man ’yan o hindi ay pasya n’yo na ’yan. Ang kailangan nga natin, ay magpatirapa sa may dambana, Isaias. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

At ang sabi ng Diyos, “Sinong hahayo sa ganang Akin?”

166 Ang sabi ni Isaias, “Narito ako; isugo Mo ako.” Naiisip ko ang awiting ’yun:

> Nung ang baga ng Apoy sa propeta’y humipo,
> Siya’y sadyang dinalisay na singlantay,
> Nung ang tinig ng Diyos ay magsabing, “Sino
>   ang hahayo?”
> Siya’y tumugon, “Panginoon, heto ako, isugo
>   Mo.”

167 Unang-una kinailangan niyang maibaba ang sarili niya at malinis, at maihanda gaya ng nasaksihan nating paghahanda sa lingkod na ’yun. Tingnan n’yo si Uzzias kung papaanong siya man ay inihanda rin, pero nabigo. Huwag n’yong ilagak . . .

168 Na sasabihin n’yo, “Buweno, ngayon, kilala ko na si Doktor *Ganito-at-ganoon* ay isang mabuting tao. Kilala ko si Kapatid na *Ganito-at-ganoon*.” Marahil mabuti naman sila, pero huwag kayong tumingin dun.

169 *Dito* kayo tumingin, kita n’yo, *dito* ang Daan. Ang Diyos ay may Daan na inihanda. Paano Niya ’yun ginawa? Sa Araw ng Pentecostes, sinaysay ni Pedro sa mga tao kung ano mismo ang dapat nilang gawin. Sumulat siya ng reseta para sa mga tao, at ’yun nga’y nanatiling ’yun pa rin sa tuwina. Huwag na huwag

n'yong ibahin ang inireseta Nito, dahil papatayin n'yo lang ang pasyente n'yo.

Ang sabi nila, "Anong gagawin namin para maligtas?"

170 Ang sabi niya, "Magsisi, bawat isa sa inyo, magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng mga pagkakasala n'yo, at tatanggapin n'yo ang kaloob ng Espiritu Santo. Sapagkat sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, at sa kanila na nasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos."

171 Yun nga ang tinutumbok sa gabing ito. Yamang ang Diyos ay tumatawag pa rin, heto po ang reseta. Matatamo't matatamo n'yo pa rin ang siya ring Espiritu Santo na natanggap nila noon dun, basta't. . .Matatamo't matatamo n'yo ang siya ring bagay na 'yun sa gabing ito. Basta't sumunod lamang. Yun lang ang dapat n'yong gawin. Siyanga, at pagkatapos ay masasabi n'yo na:

Nung ang baga ng Apoy sa propeta'y humipo,
Siya'y sadyang dinalisay na singlantay,
Nung ang tinig ng Diyos ay magsabing, "Sino ang hahayo?"
Siya'y tumugon, "Panginoon, heto ako, isugo Mo."

Awitin po natin.

Speak, my Lord, speak, my Lord,
Speak, and I'll be quick to answer Thee;
Speak, my Lord, speak, my Lord,
Speak, and I will answer, "Lord, send me."

172 Pakinggan n'yo ito, kapatid.

There is millions now in sin and shame, are dying;
Oh, listen to their sad and bitter cry;
Hasten, brother, hasten to their rescue;
Now quickly answer, "Master, here am I."

Oh, speak, my Lord, speak, my Lord,
Speak, and I'll be quick to answer Thee;
Oh, speak, my Lord, speak, my Lord,
Speak, and I will answer, "Lord, send me."

173 Iyuko na po natin ang ating mga ulo. [Sinimulang ihiging ni Kapatid na Branham ang *Speak, My Lord*—Pat.]

Making him as pure as pure can be,
When the voice of God said, "Who will go for us?"
Then he answered, "Master, here, send me."

Nagnanais ba kayong maging mapagpakumbaba't malinis?

Speak, my Lord, speak, my Lord,
Speak, and I'll be quick to answer Thee;
Speak, my Lord, speak, my Lord,
Speak, and I will answer, "Lord, send me."

174 Habang patuloy nilang tinutugtog, mayroon po bang isang Isaias dito sa gabing ito, o may sangdaan kaya, na nagnanais na makadulog, nagnanais ng paglilinis ng Diyos sa inyong buhay? Sa inyo na di pa kinikilala si Cristo bilang Tagapagligtas n'yo, kayo'y inaanyayahan na ngayon sa may altar, kung Siya po'y nangungusap sa inyong puso. Di po ako ganoong kagaling sa paghihikayat. Sa palagay ko ang Espiritu Santo na Mismo ang gumagawa ng paghihikayat. Pero kung kayo'y narito, at kayo nga'y wala pang Cristo. . . Ngayon alalahanin n'yo, mananagot at mananagot kayo sa Araw ng Paghatol, sa anumang bagay na inyong gawin sa gabing ito. Kita n'yo? Ngayon kung nagnanais po kayong pumarito, narito ako para manalangin kasama n'yo.

175 Sa Pangalan ni Cristo, binibigyan ko kayo ng pagkakataon na makalapit, masumpungan ang Diyos, at nang may tuwa na masumpungan n'yo Siya. Mga kabataan, mga matatanda, mga edad-media, mga miyembro ng iglesya, sino man kayo; kung ang Apoy ng Diyos, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ay di pa kayo nalilinis sa puso n'yo, na kayo'y humantong sa punto na inyong sasampalatayanan ang bawat Salita ng Bibliang ito, at si Cristo ang buhay na saksi ng inyong. . . sa inyong puso, na Siya'y nagbangon mula sa patay, ay heto nga't inaanyayahan ko kayo sa may altar. Pumarito lang kayo at hayaan n'yo pong makapanalangin kami kasama n'yo. Manampalataya lamang lahat kayo, kung ganun, sa inyo mismong kanya-kanyang gawi, na kayo'y ligtas.

176 Kaya naman, mayroon po kaya ritong isa na tumalikod sa pananampalataya na nagnanais na pumarito? Sinasabi ko po ito sa inyo, bilang isang lingkod ni Cristo, na kung magagawa n'yong lumakad dito at kami po'y mananalangin kasama n'yo. Di ko sinasabing tatanggapin Niya kayo; pero naniniwala ako na Kanyang gagawin 'yun. Maaari lang po bang subukin n'yo na ngayon? Kung Siya'y nangungusap sa inyo, pumarito lang.

177 Sa inyo riyan na wala pa ang bautismo ng Espiritu Santo? Ipinagpapalagay ko na wala po sa inyo na paparito na hindi, na hindi tumalikod. Bawat isa, kung ganoon, ay kinakailangang maipanalangin; mga Cristiano, haya't manalangin po kayo. At pagkatapos kapag kayo'y naipanalangin na, at hindi pa kayo nababautismuhan, at nagnanais kayo na maipagkaloob Ito sa inyo ng Diyos, ito na ang pagkakataon n'yo, ngayon.

178 May isa pong lalaki na lumapit na di pa Ito natatamo. Pagpalain ang mapagpakumbaba niyang puso. Naniniwala ako na siya'y isa ring Isaias.

Ngayon iangat n'yo po ang inyong mga ulo.

179 May isa pong lalaki na nakayuko rito sa may altar, isa pong indibiduwal na naniniwala akong isang Isaias.

Ngayon narito po ang Diyos. Nananampalataya ba kayo na Siya'y narito talaga?

180 Ngayon sasabihin ko po sa inyo kung anu-ano ang nagawa n'yo. Nagawa n'yo ang pinakamasaklap na bagay na magagawa n'yo. Nasa dalawa o tatlong daang tao ang narapat lamang na pumarito't dumulog sa may altar.

181 Hayaan n'yong ipakita ko po sa inyo, sa Pangalan ng Panginoon, na tama ako sa sinasabi ko. Tingnan n'yo. Ang ilan sa inyo rito ay patuloy lang, sa pananalangin.

182 Heto, heto ang isang ginang na nakaupo rito na nakasuot ng puting balabal, munting puting dyaket, na nakatingin sa akin. Di ko. . . Isa po siyang Cristiano. Pero nananalangin siya para sa isang sakit. May artritis siya. Nananampalataya ka ba na magagawa ng Diyos na paigihin ang lagay mo, pagalingin ka? Kung ganoon matatanggap mo.

183 Yung katabi pong lalaki, nakaupo rito sa kasunod mo lang, may kung anong problema siya sa may tainga niya. Ikaw ba'y nananampalataya na magagawa ng Diyos na pagalingin ang suliraning 'yan sa iyong tainga, ginoo, at paigihin ang lagay mo? Sige. Itaas mo ang kamay mo kung nananampalataya ka.

Ngayon maging mapitagan lamang po, pansumandali.

184 Ang lalaki naman sa kasunod lang niya ay pinahihirapan ng sakit sa puso. Nananampalataya ka ba na mapagagaling ka ng Diyos, ginoo, diyan sa sakit mong 'yan sa puso? Di po kita kakilala. Isa kang estranghero sa akin. Tama po ba? Isa kang estranghero. Buweno, sige't pakinggan mo. Kung sasabihin sa akin ng Diyos kung sino ka, makatutulong ba ito sa iyo? Ako po ba'y naririnig mo riyan nang malinaw? Ang pangalan mo ay G. Blackwood. Nananampalataya ka ba na kaya Niyang sabihin sa akin kung taga-saan ka? Taga-Riverbank, California ka. Kung tama, tumayo ka. Di ko pa siya nakikita, sa buong buhay ko. Sige po.

185 Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Pinagaling ka nga mismo ng pananampalataya mo. Sa binibini naman na nakaupo sa tabi mo, may sakit siya na pagkanerbiyos. Gusto mo bang gumaling mula sa pagkanerbiyos mong 'yan? Itaas mo ang kamay mo, kung ninanais mo. Ipatong mo ang kamay mo sa kanya, ginoo, para siya ay mapagaling.

186 Ang binibini naman sa kasunod mo, ngayon, ay may sugar diabetes, na nakasuot ng pulang damit. Nagnanais siya na siya nga'y maipanalangin, din. Kita n'yo? Nagnanais siya na siya'y maipanalangin. Manampalataya lamang.

187 Heto ang isang binibini na nakaupo sa bandang likod dito. Siya'y nakatakda nang maoperahan. Kung magagawa lamang

ng binibini na . . . Oh Diyos! May luslos siya sa sinapupunan. Ang pangalan niya ay Bb. Maxwell. Manampalataya. Itaas mo ang iyong kamay, tanggapin mo ang iyong kagalingan, Bb. Ma- . . . Wala kang prayer card, hindi ba? Wala kang prayer card? Buweno, di mo kailangan. Itaas mo lang ang iyong kamay kung tama nga. Di kita kakilala. Kung tama, sige't iwagayway mo ang kamay mo. Estranghero tayo sa isa't isa, iwagayway mo lang ang kamay mo nang paganito.

Ano 'yung nahipo niya? Hindi ako ang nahipo niya.

188 G. Stewart, nagnanais ka bang mapagaling, din, diyan sa pagkanerbiyos, at nananampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos? Isa akong estranghero sa iyo. Pero 'yan ang pagkatao mo, at pinahihirapan ka ng pagkanerbiyos na 'yan. Di mo nga makontrol ang iyong sarili. Tumayo ka at tanggapin mo ang iyong kagalingan, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

189 Heto ang isang binibini na nakaupo riyan sa likod mo. Siya man ay may pagkanerbiyos, din. May kung anong mali sa mga kalamnan niya sa katawan. Mukhang mapapalampas niya ito at . . . Gng. Newell, tumayo ka, kung 'yan nga ang pangalan mo at ikaw nga 'yan. Manampalataya! [Ang kapatid na babae ay sumigaw nang malakas—Pat.]

Nananampalataya ba kayo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

190 Siyanga't, heto ang isang ginang na nakaupo rito, may sakit siya sa puso at mataas ang presyon ng dugo. Nananampalataya ka ba, tama ba, kapatid na babae? Tumayo ka kung tama.

191 Ang ginang na nakaupo naman sa tabi mo riyan, may kung ano siya sa kanyang dibdib. Kung tama, tumayo ka.

192 Sabihin mo sa ginang, diyan sa kasunod mo, siya po'y may mga tumutubo-tubo sa kanyang mukha, na maliliit na halos tumor ang itsura. Kung nagnanais siyang gumaling, sabihin mo sa kanya tumayo at tanggapin ito.

193 Ngayon may kalipunan sa inyo riyan na dapat sana'y narito mismo sa may altar, hinahangad ang Espiritu Santo. Haya't GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Minsan muli uulitin ko ang tawag na ito. Hayan nga ang pagpapatibay na sinasabi ko talaga sa inyo ang katotohanan. Nangungusap ang Diyos sa mga taong narito, at may kaunting pag-aalinlangan sa inyo. Magagawa n'yo bang maging tapat lamang na anupa't itataas n'yo ang kamay n'yo, magsasabi, "Siyanga, Kapatid na Branham, ako nga'y sadyang naliligalig na lang sa tuwina. Ganoon na lamang ang pagnanais ko sa Diyos. Alam ko na may kung anong kakulangan pa rito, at narapat lamang na kamtin ko 'yun sa paghahayag ko mismo ng kagustuhan na mabautismuhan sa Espiritu Santo"? Sige't itaas mo lang ang iyong kamay, maaari n'yo bang gawin 'yan? Maging tapat lamang sa sarili n'yo. Ang Espiritu Santo ay di kailanman

nagkakamali. Bakit di kayo pumarito, kung ganoon, at pahupain ang pag-aalinlangan na 'yan? Halikayo! "I'll be quick . . . "

Speak, my Lord, speak, my Lord, (ganoon nga)
Speak, and I'll be quick to answer Thee.

194 Kita n'yo, wala akong sinasabi sa inyo rito na kamalian, mga kaibigan. Ang Espiritu Santo mismo ang tumatawag. Nasa sandaan po ang narito, kung naniniwala kayo sa akin na ako'y isang propeta. Ngayon, alalahanin n'yo, sinasabi ko sa inyo sa Pangalan ng Panginoon, kayo'y nilinlang noon. Halina kayo!

The coal of Fire had touched the prophet,
Making him as pure as pure can be,
When the voice of God said, "Who will go for us?"
Then he answered, "Master, here, send me."

195 Masasabi n'yo rin ba ang ganoon? Kaya naman tumayo na po, itaas n'yo ang inyong mga kamay.

Speak, my Lord, oh, speak, my Lord,
Speak, and I'll be quick to answer Thee;
Speak, my Lord.

196 Ano itong ginagawa Niya? Haya't tumugon kayo sa Kanya kung ganoon, kung Siya'y nangungusap. Kung may munti man na kung anong pag-aalinlangan sa kung saan, na para bang di kayo nakasisigurado ngayon dito, huwag na kayong makipag sapalaran. "Lord, send me."

Oh, speak, my Lord, (Siya'y nangungusap. Halina.) . . . my Lord,
Speak, and I'll be quick . . .

197 Ngayon, mga kababayan, di ako madaling madala sa pagka panatiko. Hindi ako madaling madala sa pagsasabi ng maling mga bagay. Nararamdaman ko po ang pangunguna sa tuwing sasabihin ko kung anong gagawin ko.

. . . my Lord,
Speak, and I will answer . . .

198 Sinasabi n'yo, "Ano kayang sasabihin dito ng mga tao?" Ang dapat ay kung ano ang sasabihin ng Diyos tungkol dito, ay 'yun na 'yun. "Send me."

Speak, my Lord, (ganoon nga)
Speak, and I'll be quick to answer Thee;
. . . my Lord, oh, speak, my Lord,
Speak, and I will answer, "Lord, send me."

There's millions now in sin and shame are dying;
Oh, listen to their sad and bitter cry;
Hasten, brother, hasten to their rescue;
Oh, quickly answer, "Master, here, send me."

Oh, speak, my . . .

199 Ngayon bawat isa na narito, nais po nating makapaghanda para sa isang maluwalhating gawain ng pagpapagaling bukas, din. At ipinamamamanhik ko sa bawat isa na mga ministro rito na dumako lang dito sa palibot ng mga tao na naghahangad para sa Espiritu Santo, huwag lang maglumagi ng limang minuto, kayo po'y maglumagi hanggang, (gaanong katagal?) hanggang sa ang Espiritu Santo ay dumating.

. . . my Lord,
Oh, speak, and I . . .

200 Ngayon sa mga tagapakinig dito ngayon nga'y ipatong n'yo ang inyong kamay sa ibabaw ng iba pa riyan, sige po't ipatong n'yo lang ang inyong kamay sa isa't isa, sa kung sinuman diyan; sa inyo na mananalangin, kinakatawan n'yo nga ang mga tao na narito.

. . . my Lord,

201 Ngayon ang mga pasilyo po'y punung-puno, ang altar po'y punung-puno, siguro'y mga nasa sandaa't limampu, dalawang daang tao ang narito.

. . . my Lord,
Speak, and I will an- . . .

202 Ngayon simulan n'yong manalangin ng, "Panginoon, isugo Mo ako! Speak, my Lord! Panginoon, isugo Mo ako!"

203 Iyo pong pagalingin sila, Panginoon, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Panginoon, Iyo pong ipagkaloob ito. Oh Diyos, Iyo pong ipagkaloob ang mga panalangin ng mga narito.

204 Huwag kayong bumitiw. Manatili lamang diyan hanggang sa mangyari ito. Manatili lamang hanggang sa marinig n'yo ang pagtawag ng Diyos. Manatiling nakatayo hanggang sa ang mga Kerubin ay alugin kayo, na ang Espiritu Santo'y bitbit na ang baga ng Apoy mula sa dambana ng Diyos, na idadampi na Ito sa inyong mga labi.

205 [Tinatawag ni Kapatid na Branham si Kapatid na Roy Borders sa pulpito—Pat.]

"Speak, my Lord."

*MGA IMPLUWENSYA* TAG64-0215
(Influences)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Sabado ng gabi, Pebrero 15, 1964 sa Elliott Auditorium sa Tulare, California, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2019 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org